




2018 BADYET NG BAYAN



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA



TALAAN NG NILALAMAN

PAUNANG SALITA	1
BADYET NA NAGBIBIGAY REPORMA AT TRANSPORMASYON	2
ANG BADYET AT ANG EKONOMIYA	4
PROGRAMANG PAMPANANALAPI	5
RENTAS	6
ANG 2018 BADYET AT ANG TRAIN	7
DIMENSIYON NG 2018 BADYET	

• Batay sa Tungkulin/Sektor (COFOG)	8
• Batay sa Sektor (Dating Sistema)	10
• Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin	11
• Batay sa Rehiyon	12
• Batay sa Recipient Unit	13
• Batay sa Special Purpose Fund	14
• Batay sa Pinagkukunan ng Laang-Gugulin	15

MGA PRIYORIDAD NA GUGULIN NG PAMBANSANG BADYET

PAGSASAKATUPARAN NG MGA PANGAKO NG PANGULO .. 16

A. Pagbabagong Nakapagbabawas

sa Hindi Pagkakapantay-pantay

1. Pagbilis ng Pagpapaunlad ng Human Capital:	
• De-kalidad, Naaabot, at Angkop na Edukasyon	18
• Kalusugan para sa Lahat	20
2. Pagbawas ng Kahinaan sa mga Indibidwal at Pamilya	22

3. Pagpapalawig ng mga Oportunidad sa Agrikultura, Pangangasiwa ng Gubat, at Pangisdaan	24
4. Pagpapalawig ng mga Oportunidad sa Industriya at Serbisyo	26

B. Pagpapanatili ng mga Pundasyon para sa Likas-Kayang Pag-unlad

1. Pagpapabilis sa Implementasyon ng Estratehikong Impraestruktura	28
2. Pagtataguyod sa Makatarungan at Pangmatagalang Kapayapaan	31
3. Pagtitiyak sa Seguridad, Kaayusang Publiko, at Kaligtasan	32
4. Pagtitiyak ng Integridad ng Ekolohiya, Malinis, at Malusog na Kaligiran	34

C. Pagpapabuti sa Integridad Panlipunan

D. Pagpapataas ng Potensiyal Tungo sa Pag-unlad

OPEN GOVERNMENT SA PILIPINAS


MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA PAGBABADYET

Ang Siklo ng Badyet	40
Gabay sa Budget Reform Bill (BRB)	41

OFF-BUDGET ACCOUNTS

GLOSARYO NG MGA TERMINOLOHIYA

PAANO AKO MAKIKILAHOK?



PAUNANG SALITA



Ang 2018 Pambansang Badyet ay badyet na inuuna ang Filipino – at tunay namang isang badyet na una sa ilang aspekto.

Sa pagkakompleto ng kauna-unahang planong pampananalapi na itinuturing na ganap na pagmamay-ari ng kaniyang Administrasyon, nilikha upang sumalamin sa mga ideal at adhikain ng kaniyang pamamahala, tiniyak ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang pakikipag-ugnayan ng mga miyembro ng Sangay ng Tagapagbatas sa pinal na pagbabalangkas ng 2018 Panukalang Badyet sa pamamagitan ng pagsumite nito para sa kanilang pag-aproba sa mismong araw ng kaniyang Talumpati Hinggil sa Kalagayan ng Bansa (State of the Nation Address o SONA) noong Hulyo 24, 2017. Ito ang pinakamaagang pagsusumite ng isang Panukalang Pambansang Badyet mula pa noong 2000, at layong bigyan

ang Kongreso ng sapat na panahon upang pag-aralan at suriin ang lahat ng aspekto ng Badyet.

Sa pag-aaproba ng Kongreso ng Pilipinas at pagpapatibay ng Pangulo noong Disyembre 19, 2017, ang General Appropriations Act (GAA), na ang pinakatampok ay ang PhP3.767 trilyon na Pambansang Badyet para sa 2018, ay handa na para sa pagpapatupad ng Administrasyon.

Ito ay isang “aktibistang badyet”, ayon sa pagsasalarawan mismo ni Pangulong Duterte sa dokumentong ito na nagtataglay ng pinansiyal na adyenda ng pamahalaan para sa kasalukuyang taon ng pananalapi. “Aktibista” dahil nilalayon nitong hamunin ang mga lumang sistema at paradigma, at may pangako ng pagbabago. Hindi sa mga salita lámang, kundi sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga panukalang magpapatupad sa mga pagbabagong ito at sisiguruhin na ang mga epekto nito ay mapananatili at tatagal.

Una sa mga hakbang na ito ay ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law, na pinirmahan ng Pangulo, kasabay ng GAA. Ang TRAIN ay ang unang instrumento ng reporma ng Administrasyong Duterte, at ang pangunahing layunin nito ay isulong ang 2018 Badyet upang magabayan ito tungo sa kaniyang destinasyon – ang katuparan ng aspirasyon ng sambayanang Filipino para sa isang buhay na “matatag, maginhawa, at panatag”.

Kaya, ang diwa ng “*build-build-build*” na nakasaad sa 2018 GAA ay tumutukoy hindi lámang sa impraestruktura at mga pisikal na estruktura na nagpapamalas ng kaunlaran ng bansa, kundi sa populasyon din nito – ang kanilang pagbabagong-anyo bilang mga táong malakas at resilient, tinatamasa ang mga bunga ng pag-unlad ng bansa sa pamamagitan ng mas mahusay na serbisyong panlipunan at mas produktibong mga oportunidad.

Ang 2018 Pambansang Badyet na ito ay isang badyet na magrereporma at magbabago sa Pilipinas at sa mga mamamayang Filipino. Ang reporma ay laging patungo sa positibong pagbabago. At pagbabagong-anyo, na nagaganap kapag lahat ay kasama at kalahok sa reporma, ay mapapanatili at tatagal.

Ito ang pagbabago na sama-sama na nating nasimulan; at ito ang magdádala sa atin sa pambansang bisyon at layunin.

Ang Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ay nalulugod na ibahagi ang 2018 Badyet ng Bayan na naglalayong ipakita ang 2018 GAA sa paraang maikli, malinaw, at nauunawaan para sa mas mahusay na pagpapahalaga ng ating mga kababayan.

BENJAMIN E. DIOKNO
Kalihim

BADYET NA NAGBIBIGAY REPORMA AT TRANSPORMASYON

Ang Pambansang Badyet para sa 2018 ay nilikha na may pangunahing layunin na maghatid ng positibong pagbabago sa pamamagitan ng implementasyon ng mga matagumpay na reporma. Habang ang bansa ay patungo sa pagkamit ng isang matatag, maginhawa, at panatag na buhay para sa mamamayang Filipino, ang Badyet na ito ay may layong maghatid ng matatag na pundasyon tungo sa tunay at pangmatagalang pagbabago na makikinabang ang LAHAT, lalo na ang mga susunod na henerasyon.



Mapagkakatiwalaan at Madisiplinang Patakaran sa Pananalapi

Isang balangkas sa pananalapi na nakabase sa mapagkakatiwalaan at madisiplinang mga patakarang nagsisiguro na ang pagtataguyod at predictability ng pananalapi ay pangmatagalan.

Pinalawak na Patakaran sa Pananalapi para sa Inklusibong Pag-unlad

Ang susi sa pagtataguyod ng patuloy na pag-unlad ng bansa ay tiyakin na ang mga limitadong yaman—mula sa pinahasay na koleksiyon ng rentas at maitataguyod na pangungutang—ay nagagamit sa mga estratehikong pangangailangan ng bansa, habang pinapanatili ang mababang inflation at mga antas ng utang. Para sa susunod na limang taon, pananatilihin ng pamahalaan ang antas ng kakulangan sa pananalapi (deficit) sa 3% ng GDP, habang kasabay nito ay binabawasan ang laki ng utang sa konteksto ng GDP ng bansa sa pamamagitan ng pinahasay na koleksiyon ng rentas.

Pagtugon sa Underspending sa Pamamagitan ng One-Year Validity of Appropriations

Ang isa sa mga pinakamahalagang yugto sa sistema ng badyet ng bansa ay ang pagtitibay ng Kongreso sa one-year validity of appropriations sa 2018 Badyet. Bagaman sinimulan sa 2017 Badyet ang obligation of allocations sa loob ng piskal na taon (PT), simula 2018, ang lahat ng pondo ay ilalabas at kailangang gamitin sa loob ng PT.

Ang pagbabagong ito ay isang hakbang sa paghahanda para sa ganap na pagpapatupad ng Cash-Based Budgeting System sa 2019. Ang bagong sistema ng paglalabas ng mga pondo sa mga ahensiya ay naglalayon na matugunan ang underspending sa pamamagitan ng pagtiyak na ang badyet ay ganap na maipatatupad sa loob ng PT. Pinabibilis nito ang pagpapatupad ng badyet at nagbibigay-daan sa dagliang paghahatid ng mga kalakal at serbisyong pampubliko, at ang pagbabayad ng mga ito. Mas mataas na disiplina ang ipapataw sa mga ahensiya sa pangangasiwa ng kanilang mga pondo, nang sa gayon ay makapaghatid sila ng mas mahusay na paglilingkod sa bayan.

Fiscal Space na Nakatuon sa Patas na Pag-unlad at Kahusayang Panlipunan

Ginintuang Panahon ng Impraestruktura

Ang badyet na **PhP1,068.4 bilyon** ay inilaan para sa programang “*Build, Build, Build*” sa 2018 upang mapabilis ang pagtatayo ng estratehikong imprestruktura at matiyak ang likas-kayang pag-unlad.

Ang programang *Build, Build, Build* ay nakalaan sa sumusunod:

PhP 148.0 B - Luzon
PhP 62.3 B - Visayas
PhP 85.8 B - Mindanao

Pagtaguyod sa mga Marginalized

Bilang ang pag-ahon sa mga mahihirap mula sa kahirapan ay isang priyoridad ng pamahalaan, ang Sektor ng Serbisyong Panlipunan ay may natanggap na badyet na **PhP1,425.7 bilyon**, na kumakatawan sa 37.9% ng kabuoan ng 2018 Badyet.

Ang mga pangunahing bagay sa ilalim ng Sektor ng Serbisyong Panlipunan ay:

PhP760.2 B - Edukasyon
PhP 179.4 B - Kalusugan
PhP284.1 B - Panlipunang Kaligtasan, Kagalingan, at Empleo
PhP 5.9 B - Pabahay

Badyet na Sumasalamain sa mga Patakaran ng Administrasyon

Ang paglipat sa sistema ng Program Expenditure Classification (PREXC) sa paglalalahad ng badyet ay lumilikha ng higit na matibay na ugnayan sa pagpapalano at pagbabadyet, at nagbibigay ng impormasyon na higit na magpapabuti ng pag-unawa at pagpapahalaga sa layunin ng gugulin at sa mga nakalaang benepisado ng badyet na ito.

MGA PAGBABAGONG DULOT NG PREXC

MULA

Outcome Indicators at organizational level

Major Final Output (MFO) targets

Programs, Activities, Projects (PAPs) under Operations grouped by MFO

PATUNGO

Outcome Performance Indicators at program level

Program/Sub-program outcome and output targets

Activities and Projects under Operations grouped by Program/Sub-program



Pagpapatibay sa Pagiging Bukás, Pakikilahok, at Pananagutan

Patuloy na inilalahok ng pamahalaan ang mga mamamayan sa proseso ng pagbabadyet, na nagtataguyod ng karapatan ng mamamayan na makilahok sa pamamahala.

Freedom of Information

Sa ilalim ng programa ng Freedom of Information (FOI), ang mga impormasyon tungkol sa 218* ahensiya ng pamahalaan ay maaari ding makuha ng publiko sa eFOI (www.foi.gov.ph).

*Sa huling tala noong ika-6 ng Pebrero 2018

Open Government Partnership


Patuloy na pinalalakas ng Administrasyong Duterte ang pagpapatupad ng National Action Plan sa 2017-2019 ng Philippine Open Government Partnership (PH-OGP). Sa taong 2018, ilalathala ang mid-term progress report tungkol sa implementasyon nito upang tayahin ang lawak ng pakikipagtulungan ng pamahalaan sa mga civil society organization sa paghahatid ng mga mithiin nito sa bukás na pamamahala.

Ang isang serye ng mga panrehiyong salitaan ay isasagawa sa buong bansa mula Enero hanggang Marso ng 2018 upang ipalaganap ang impormasyon tungkol sa OGP at iba pang mga pagkukusa ng kasalukuyang Administrasyon sa paglahok ng mga mamamayan sa pamamahala.

Open Budget Index (OBI)

Batay sa resulta ng Open Budget Survey (OBS) 2017, ang Pilipinas ay nangunguna sa Asya sa budget transparency. Ang puntos ng bansa sa OBI na 67, tatlong marka na mas mataas kompara sa iskor nito na 64 sa OBS 2015, ay mas mataas kaysa sa pangkaraniwang puntos sa buong mundo na 42.

Puntos ng Pilipinas sa OBI, 2006-2017



Pagpapabuti ng mga Sosyohan sa mga Lokal na Pamahalaan Upang Mapanatili ang Likas-Kayang Pag-unlad

Ang mga yunit ng pamahalaang lokal (LGU) ay ang mga pangunahing naghahatid ng serbisyo pampubliko sa mga tao. Kaya naman, ang paglahok sa kanila sa pagpapatupad ng mga programa ay isang estratehikong paraan ng pagkamit ng mga layunin sa pag-unlad ng bansa.

Conditional Matching Grant sa mga Lalawigan

Php8.5 bilyon upang kumpunihin, ayusin, at mapabuti ang mga kalsada sa lalawigan sa buong bansa upang palakasin ang kakayahan ng mga lalawigan sa pamamahala ng mga lokal na kalsada.

Sagana at Ligtas na Tubig para sa Lahat (SALINTUBIG)

Php1.4 bilyon upang magbigay ng ligtas at malinis na suplay ng tubig sa mga munisipalidad sa buong bansa na walang tubig. Para sa 2018, nag-target ito na makompleto ang mga proyekto sa 80 na bayan, 171 barangay, at 8 lugar ng lipat-tirahan.

Tulong sa mga Munisipyo

Php11.9 bilyon upang tulungan ang mga pamahalaang bayan sa pagtatayo ng mga pangunahing pasilidad para sa mga mamamayan, habang dinaragdagan ang mga oportunidad ng paglahok sa pamamahala.

Tulong para sa mga Lungsod

Php2.6 bilyon upang pondohan ang pagtatayo at pag-aayos ng mga imprastrukturang hindi nakakasira ng kalikasan, tulad ng mga liwasan sa kagubatan, botanikal na hardin, at mga bike lane, bukod sa iba pa.

Php31.4 B

para sa Local Government Support Fund

ANG BADYET AT ANG EKONOMIYA

Sapagkat ang ekonomiya ay nakaaapekto sa mga patakarang pampananalapi at mga kilos ng pamahalaan (halimbawa, mga desisyong may kinalaman sa buwis at paggasta), maingat na isinasaalang-alang ng 2018 Badyet ang sumusunod na makroekonomikong palatandaan:

Pagkasensitibo ng Pananalapi sa Mahahalagang Makroekonomikong Palatandaan, 2016-2018

(sa bilyong Piso kada taon)

Mga Detalye ^{1/}	 Rentas			 Pagbabayad			 Balanse ng Badyet ^{2/}		
	2016	2017	2018	2016	2017	2018	2016	2017	2018
 1 porsiyentong pagtaas ng real GDP	21.6	19.3	21.4	-	-	-	21.6	19.3	21.4
 1 porsiyentong pagtaas sa antas ng inflation (inflation rate)	20.8	18.4	20.7	-	-	-	20.8	18.4	20.7
 1 porsiyentong pagtaas sa inaangkat na paninda	4.3	3.7	4.2	-	-	-	4.3	3.7	4.2
 1 porsiyentong pagtaas sa antas ng interes (interest rates)	0.6	0.5	1.0	3.2	3.2	2.0	(2.6)	(2.7)	(1.0)
 1 porsiyentong pagtaas ng London Interbank Offered Rates (180 Araw)	-	-	-	4.2	4.6	5.3	(4.2)	(4.6)	(5.3)
 1 Pisong paghina ng antas ng palitan ng salapi	10.5	9.2	9.5	2.1	2.0	2.1	8.4	7.2	7.4

^{1/} Para sa kahulugan ng mga nasabing palatandaan, maaaring sumangguni sa Glosaryo ng mga Termino sa p. 43.
^{2/} Ang negatibong numero sa balanse ng badyet ay nangangahulugang pagtaas ng deficit.

Mga Makroekonomikong Pagtataya, 2018-2022

Parametro	Mga Target ^{1/}				
	2018	2019	2020	2021	2022
Pagtaas ng Real GDP (%)	7.0-8.0	7.0-8.0	7.0-8.0	7.0-8.0	7.0-8.0
Inflation (%)	2.0-4.0	2.0-4.0	2.0-4.0	2.0-4.0	2.0-4.0
364-Araw Antas ng Treasury Bill (%)	2.5-4.0	2.5-4.0	2.5-4.0	2.5-4.0	2.5-4.0
FOREX (PhP/US\$)	49-52	49-52	49-52	49-52	49-52
LIBOR, 180 araw (%)	1.5-2.5	2.0-3.0	2.0-3.0	2.0-3.0	2.0-3.0
Langis ng Dubai (US\$/bl)	50-65	50-65	50-65	50-65	50-65
Mga Eksport^{2/}	8.0	8.0	8.0	8.0	8.0
Mga Import^{2/}	9.0	9.0	10.0	10.0	10.0

^{1/} Mga pagtataya at target na pinagtibay ng Development Budget Coordination Committee (DBCC) noong Disyembre 22, 2017

^{2/} Ayon sa Pangasiwaan ng Estadistika sa Pilipinas


PROGRAMANG PAMPANANALAPI

Upang suportahan ang tuloy-tuloy na paglago ng bansa at pondohan ang mga pangunahing gugulin ng pamahalaan, ipinagpapatuloy ng Administrasyong Duterte ang patakaran nito sa tuloy-tuloy na paglaki ng paggasta - tinitiyak na ang mga rentas ay tumaas habang ang laki ng pagkakautang bilang porsiyento ng GDP ay bumaba.

Programang Pampananalapi, 2016-2022^{1/}
(sa bilyong Piso)




● PAGBABAYAD
● RENTAS
● DEFICIT



Utang at Deficit bilang Porsiyento ng GDP, 2015-2022



Ang budget deficit ay nangyayari kapag ang pamahalaan ay gumagasta nang higit sa rentas. Sa kabila ng patakaran sa paglaki ng paggasta ng Administrasyong Duterte, ang bumababang ratio ng utang-sa-GDP ay nangangahulugang ang ekonomiya ay may sapat na kakayahang magbayad ng utang. Dahil ang deficit spending ay mas nakatuon sa mga capital investment tulad ng mga kalsada, silid-aralan, at paliparan, ang kasalukuyan at darating pang mga henerasyon ay makikinabang. Mula 44.7% noong 2015, ang antas ng pagkakautang ng bansa sa 2018 ay inaasahang bababa sa 40.5%, malapit sa pandaigdigang katanggap-tanggap na matatag at maingat na antas na 40% para sa mga umuunlad na bansa.



^{1/} Alinsunod sa medyo matagal na panahon na fiscal targets at growth assumptions na inaprobahan sa ika-171 DBCC Meeting na ginanap noong Disyembre 22, 2017

RENTAS

Upang maipagpatuloy ang napakalaking pamumuhunan ng pamahalaan sa publikong impraestruktura at serbisyong panlipunan, ang 2018 Badyet ay sinusuportahan ng tumataas na antas ng rentas, mula PhP2.388 trilyon noong 2017 patungong PhP2.789 trilyon ngayong taon. Bilang bahagi ng GDP, kinakatawan nito ang 15.9% mula sa 15.7% lámang noong 2017.



LEYENDA

- Bilang % ng GDP kasama ang TRAIN
- Bilang % ng GDP hindi kasama ang TRAIN
- Antas ng Paglaki kasama ang TRAIN
- Antas ng Paglaki hindi kasama ang TRAIN

Kabuoang Rentas: PhP2.789 T*



BIR
PhP2,025.4 B



BOC
PhP577.9 B



Iba Pa
PhP16.8 B



BTr
PhP55.8 B



Bayad at Singilin
PhP47.1 B



Iba Pa
PhP64.0 B



Hal., ari-ariang di natitinag na pagmamay-ari ng lumang bangko sentral
PhP2.0 B

Ano ang mga pinagmumulan ng rentas ng pamahalaan ngayong 2018?



Sa PhP2.789 trilyon na kabuoang rentas ng 2018, PhP2.62 trilyon, o 93.9%, ay manggagaling sa mga buwis. Ang mga hindi mula sa buwis, sa isang banda, ay magbibigay ng PhP166.8 bilyon, samantalang karagdagan PhP2.0 bilyon ang inaasahang malilikom mula sa kita sa pagsasapribado. Isinaalang-alang na sa kabuoang rentas ng 2018 ang inaasahang rentas mula sa programang Tax Reform for Inclusion and Acceleration (TRAIN), pati na ang epekto ng pagbaba ng mga buwis mula sa personal na kita.

ANG 2018 BADYET AT ANG TRAIN*

U pang mapondohan ang mga pangunahing serbisyong panlipunan at programang impraestruktura ng Presidente, layunin ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law na makalikom ng malaking rentas na Php688.4 bilyon sa loob ng limang (5) taon.

Ano ang TRAIN?

Simula Enero 1, 2018, babaguhin ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion, o TRAIN, ang kasalukuyang masalimuot at hindi makatarungang sistema ng pagbubuwis patungo sa isang sistema na mas simple, makatarungan, at mas episyente. Palalaguin ng TRAIN ang paniningil ng rentas para pondohan ang mga serbisyong pang-impraestruktura at panlipunan nang hindi pinahihirapan ang mga pamilya at mamamayan na may mababang kita.

Bakit TRAIN?

Sa kabuoang kita sa TRAIN, 70% ay popondohan ang mga proyektong pang-impraestruktura (hal., Build, Build, Build Program), samantalang 30% ay mapupunta sa serbisyong panlipunan (hal., mga programa para sa pagtatanim ng asukal, mga hakbang na nagpapaginhawa sa lipunan).

Katangian ng TRAIN*


- ✓ Pagbawas sa buwis sa kita ng 99% ng mga nagbabayad ng buwis mula sa kita (ang 13th month pay at iba pang bonus na nagkakahalaga ng Php90,000 ay libre rin sa buwis)
- ✓ Pagpapalawak ng consumption tax base
- ✓ Pagtataguyod ng higit na malusog na pamumuhay dahil ang mga inuming pinatamis ng asukal ay bubuwisan
- PhP6 kada litro para sa mga inuming gumagamit ng asukal at artipisyal na pampatamis**

PhP12 kada litro para sa mga inuming gumagamit ng mataas na fructose corn syrup

Key exemptions: 3-in-1 Coffee, Gatas, at 100% Natural Juices
- ✓ Pangangalaga sa kaligiran sa pamamagitan ng pagtaas ng excise tax sa dirty fuel
- ✓ Pagsasapanahon ng excise tax sa mga sasakyan, uling, kosmetiko, at sigarilyo

*Para sa iba pang detalye, bumisita sa <http://www.dof.gov.ph/taxreform/index.php/downloadables/>

Mga Pangunahing Proyektong Impraestruktura na Popondohan ng TRAIN



Build, Build, Build

- **Gawing Kongkreto**
14,187 km pambansang lansangan
30,209 km lokal na lansangang graba
- **Maglaan ng Kalsada sa**
7,834 mga liblib na barangay
23,293 mga liblib na sitio
- **Bigyan ng Patubig**
1.3 milyon ek/sinasakahang lupa

Kalusugan at Edukasyon

- **100%** antas ng enrolment at pagtatapos para sa lahat ng level
- **113,553** ipatatayong silid-aralan
181,980 gurong maipapasok ng trabaho
- **25** mga karagdagang ospital
104 maa-upgrade na mga lokal na ospital


Php25.7 B

Mga cash transfer na Php200 kada buwan para sa 10 milyong pinakamahirap sa sambayanan upang mabawi ang katamtaman ngunit pansamantalang pagtaas ng mga bilingin

* Hindi pa isinaalang-alang sa inaprobahang level ng DBCC ang karagdagang rentas na nagmula sa mensaheng pag-veto ng Pangulo.

DIMENSIYON NG 2018 BADYET^{1/}

BATAY SA TUNGKULIN/SEKTOR (GAMIT ANG COFOG*)



^{1/} Maaaring hindi tumugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off

* Pagbabahagi ng kabuoang badyet ayon sa porsiyento



2018: PhP705.8 B

(18.7%)*

Edukasyon

Ito ay tumutukoy sa panimulang batayan at batayang edukasyon, sekondarya at tersiyaryong edukasyon, at mga gusaling pampaaralan, bukod pa sa iba.

Pangangalagang Panlipunan



Ito ay tumutukoy sa guguling pangkagalingan ng pamahalaan na nangangalaga sa mga mamamayan mula sa pagkawala o pagkaantala ng kita at para sa mga natatanging gugulin dahil sa kapanganakan, pag-aasawa, o pagkamatay.

2018: PhP458.7 B

(12.2%)*

Kalusugan

Ito ay tumutukoy sa mga gugulin para sa serbisyong ospital, outpatient, at kalusugang pampubliko, segurong pangkalusugan, at pangkalusugang pananaliksik at pagsulong (R&D).



2018: PhP172.8 B

(4.6%)*

Proteksiyon ng Kaligiran

Ito ay tumutukoy sa mga gugulin para sa waste management, pagkontrol at pagpigil sa polusyon, proteksiyon sa biodiversity at kalupaan, bukod sa iba pa.



2018: PhP22.6 B

(0.6%)*

Pabahay at Pasilidad ng Komunidad

Ito ay mga benepisyong pabahay at mga probisyon para sa mga pasilidad ng komunidad tulad ng malinis na pinagkukunan ng inuming tubig at pailaw sa kalsada.



2018: PhP6.1 B

(0.2%)*

Ang mga gugulin ng pamahalaan ay maaaring hatiin gamit ang sistemang Classification of the Functions of Government (COFOG), na tumitingin sa detalyadong tungkulin ng mga ahensiya. Hindi tulad ng dating sistema, isinasalang-alang ng COFOG ang likás na katangian ng gugulin ng isang ahensiya sa halip na ang kontribusyon nito sa sektor kung saan ito napapabilang. Kinikilala nito ang 10 sektor o tungkulin ng pamahalaan, katulad ng: (1) Pangkalahatang Serbisyo Publiko, (2) Tanggulan, (3) Publikong Kaayusan at Kaligtasan, (4) Ugnayang Pang-Ekonomiya, (5) Proteksiyon ng Kaligiran, (6) Pabahay at Pasilidad ng Komunidad, (7) Edukasyon, (8) Kalusugan, (9) Pangangalagang Panlipunan, at (10) Libangan, Kultura, at Relihiyon. Ang unang limang sektor ay nagbibigay-kapakinabangan sa kabuoang lipunan samantalang ang huling lima ay nakatuon sa bawat mamamayan, lalo na ang nasa laylayan ng lipunan.


Ang COFOG ay tumutulong sa pamahalaan para maikompara at maiulat ang gugulin sa iba't ibang bansa na gumagamit din ng naturang paghahati-hati ayon sa tungkulin.

DIMENSIYON NG 2018 BADYET

BATAY SA SEKTOR (Dating Sistema)

Ang alokasyon sa mga sektor sa 2018 Badyet ay malinaw na sumasalamin sa mga priyoridad ng Administrasyong Duterte. Ang Serbisyong Panlipunan ang nakakuha ng pinakamalaking bahagi na 37.8% o PhP1,425.7 bilyon. Tinataasan nito ang akses sa de-kalidad na programang may kinalaman sa pangangalagang panlipunan at serbisyo publiko tulad ng edukasyon, kalusugan, pabahay, at empleo. Ang bahagi ng Serbisyong Pang-ekonomiya, sa isang banda, ay higit na lumaki sa 30.6% mula 27.5% noong 2017, sang-ayon na rin sa malawakang programang impraestruktura ng pamahalaan na tinaguriang Build, Build, Build.

PhP3,767 B



Ang pasan na utang, bilang bahagi ng kabuoang badyet, ay patuloy na bumababa mula 10.5% noong 2017 patungong 9.8% na lámang para sa 2018, sa gayon ay nadaragdagan ang mga mapagkukunan para sa mga pangunahing gugulin.

Bilang % ng Badyet, 2016-2018

Sektor	2016	% bahagi	2017	% bahagi	2018	% bahagi
Serbisyong Panlipunan	PhP1,119.8 B	37.3%	PhP1,351.5 B	40.3%	PhP1,425.7 B	37.8%
Serbisyong Pang-Ekonomiya	PhP834.0 B	27.8%	PhP922.9 B	27.5%	PhP1,153.6 B	30.6%
Pangkalahatang Serbisyong Publiko	PhP498.0 B	16.6%	PhP575.4 B	17.2%	PhP655.4 B	17.4%
Pasan na Utang	PhP419.3 B	14.0%	PhP351.6 B	10.5%	PhP370.8 B	9.8%
Tanggulan	PhP130.7 B	4.4%	PhP148.7 B	4.4%	PhP161.5 B	4.3%


DIMENSIYON NG 2018 BADYET

BATAY SA KLASIPIKASYON NG GUGULIN


Ang 2018 Badyet ay maaari ding paghiwa-hiwalayin ayon sa pangkalahatang klasipikasyon ng mga gugulin, katulad ng: Serbisyong Pangkawani (SP), Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE), Financial Expenses (FinEx), at Capital Outlays (CO).

Badyet Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin, 2015-2018

(sa bilyong Piso)



Bilang % ng Badyet, 2015-2018



Bilang bahagi ng kabuoang badyet, ang mga alokasyon para sa mga di-produktibong gugulin (mga pambayad-utang) ay patuloy na sinubaybayan at bumababa samantalang ang produktibong bahagi ng badyet tulad ng gugulin sa pamumuhunan sa mga lansangan at paliparan ay patuloy na tumataas mula 20.8% noong 2015 patungong 26.8% sa 2018.

LEYENDA: ● MOOE ● SP ● CO ● FinEx

DIMENSIYON NG 2018 BADYET


BATAY SA REHIYON

Distribusyon ng Badyet Batay sa Rehiyon

Halos PhP2.754 trilyon, o 73.1% ng kabuoang PhP3.767 trilyong badyet, ang direktang nakalaan sa mga rehiyon, upang matiyak na magkakaroon ng pag-unlad kahit sa mga probinsiya, lalo na sa mga liblib na lugar. Ito ay 37.7% higit sa PhP2.0 trilyon na alokasyon noong 2017.

REHIYON	ALOKASYON	% PAGTAAS	PER CAPITA ALLOCATION ^{1/}
CAR	PhP 63.05 B	38.2	PhP36,615
I	PhP 111.15 B	21.8	PhP 22,114
II	PhP 87.86 B	21.9	PhP 25,457
III	PhP 208.19 B	28.7	PhP 18,558
NCR	PhP 817.25 B	52.3	PhP63,465
IV-A	PhP 210.31 B	23.3	PhP 14,590
MIMAROPA	PhP 93.08 B	39.3	PhP 31,412
V	PhP 141.64 B	28.8	PhP 24,433
VI	PhP 149.04 B	24.9	PhP 19,776
VII	PhP 136.92 B	21.3	PhP 18,510
VIII	PhP 126.93 B	31.5	PhP28,588
IX	PhP 100.70 B	29.8	PhP 27,744
X	PhP 133.80 B	60.8	PhP28,533
XI	PhP 130.26 B	70.5	PhP26,619
XII	PhP 108.06 B	31	PhP 23,774
CARAGA	PhP 86.84 B	53	PhP 33,441
ARMM	PhP 48.73 B	21.7	PhP 12,886

NCR 2018: PhP817.3 B 2017: PhP536.6 B ↑ 52.3%	LUZON 2018: PhP915.3 B 2017: PhP718.0 B ↑ 27.5%
VISAYAS 2018: PhP412.9 B 2017: PhP328.7 B ↑ 25.6%	MINDANAO 2018: PhP608.4 B 2017: PhP416.5 B ↑ 46.1%




*Maaaring hindi tumugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off

^{1/} 2015: Batay sa aktuwal na populasyon, Agosto 1, 2015, PSA, Census of Population

Distribusyon ng Badyet na Di-Batay sa Rehiyon

Ang badyet na di-batay sa rehiyon ay binubuo ng alokasyong pambansa (nationwide) at nakalagak sa sentral na opisina (central office). Ang **Alokasyong Pambansa** ay ang mga alokasyong hindi pa naibabahagi sa iba't ibang rehiyon ng mga kagawaran/ahensiya, at iba't ibang nakikinabang ng special purpose funds tulad ng Alokasyon sa mga LGU, Pension and Gratuity Fund, at National Disaster Risk Reduction and Management Fund. Kabilang din dito ang Debt Service Fund. Ang mga **Alokasyong para sa Sentral na Opisina**, sa kabilang banda, ay tumutukoy sa mga pondong pamamahalaan ng Punong Tanggapan ng mga kagawaran/ahensiya.



DIMENSIYON NG 2018 BADYET

BATAY SA RECIPIENT UNIT

Para sa 2018, ang mga Pambansang Ahensiya ng Pamahalaan (National Government Agencies o NGA) ay makatatanggap ng PhP2,634.2 bilyon, kumakatawan sa 69.9% ng 2018 Badyet at mataas nang 14.5% kompara sa badyet noong nakaraang taon.

Ang subsidyo sa mga GOCC, sa kabilang banda, ay nagkakahalaga ng PhP197.6 bilyon, o 27.6% higit na mataas kompara sa level nitong PhP154.9 bilyon noong 2017. Ang bulito ng itinaas ay dahilan sa: a) implementasyon ng targeted cash transfer program para sa mahihirap na pamilya sa pamamagitan ng Landbank of the Philippines upang maibsan ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin dahil sa TRAIN Program; b) mas pinalawak na sakop sa matatanda ng Korporasyon sa Segurong Pangkalusugan ng Pilipinas (PhilHealth), mula anim na buwan hanggang isang taon; at c) subsidyo para sa Public Utility Vehicle (PUV) Modernization Program.

Ang suporta sa mga pamahalaang lokal (LGU) ay kumakatawan sa 15.4%, o PhP581.2 bilyon, ng badyet, na 3.8% higit sa PhP560.0 bilyon alokasyon noong 2017. Ang pinakamalaking bahagi nito ay ang PhP522.7 bilyon na Internal Revenue Allotment (IRA).

Badyet batay sa Recipient Unit, 2016-2018



	2016	2017	2018
Mga NGA	PhP1,991.4 B	PhP2,300.1 B	PhP2,634.2 B
Mga GOCC	PhP131.7 B	PhP154.9 B	PhP197.6 B
Mga Pamahalaang Lokal	PhP485.8 B	PhP560.0 B	PhP581.2 B
Mga Pinagkakautangan	PhP392.8 B	PhP334.9 B	PhP392.8 B

SAMPUNG AHENSIYA NA MAY PINAKAMATAAS NA BADYET

- 1** Kagawaran ng Edukasyon (kasama ang mga SUC, CHED, TESDA) PhP672.4 B
- 2** Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan PhP637.9 B
- 3** Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal PhP170.8 B
- 4** Kagawaran ng Kalusugan (kasama ang badyet ng PHIC) PhP167.9 B
- 5** Kagawaran ng Tanggulang Bansa PhP149.7 B
- 6** Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan PhP141.8 B
- 7** Kagawaran ng Transportasyon PhP66.3 B
- 8** Kagawaran ng Agrikultura PhP53.5 B
- 9** Rehiyong Awtonomo ng Muslim Mindanao PhP33.1 B
- 10** Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman PhP24.9 B

DIMENSIYON NG 2018 BADYET

BATAY SA SPECIAL PURPOSE FUND

Ang mga Special Purpose Fund (SPF) ay tumutukoy sa pitong (7) Pondo sa Badyet na ibinubukod dahil sa natatanging hangarin. Sa 2018, ang mga SPF ay nagkakahalaga ng PhP1,406.6 bilyon, o 6% higit sa level nito noong 2017 na PhP1,321.6 bilyon. Ito ay binubuo ng mga disaggregated fund at lump sum.

Mga Uri ng SPF* (% Bahagi)

Awtomatikong Laang-Gugulin 64%

PhP896.4 B

Ang Awtomatikong Laang-Gugulin ay mga gugulin na hindi na kailangan ng taunang pag-apruba ng Kongreso, dahil ang mga ito ay itinalagang awtomatikong laang-gugulin sa batas.

Internal Revenue Allotment	PhP 522.8 B
Tax Expenditure Fund	PhP 19.5 B
Kabayaranang Interes sa Pagbabayad ng Utang	PhP 354.0 B

Mga Disaggregated SPF 34%

PhP477.3 B

Ang mga Disaggregated SPF ay mga pondo na pinaghiwa-hiwalay o hinati-hati sa mga espesipikong aytem at hangarin para sa higit na pagiging bukás.

Suportang Badyet sa mga Korporasyong Ari at/o Kontrolado ng Pamahalaan (GOCC)	PhP197.6 B
Alokasyon sa mga LGU (Special Shares, LGSF, at MMDA)**	PhP 58.1 B
Miscellaneous Personnel Benefits Fund	PhP 99.4 B
Pension and Gratuity Fund	PhP 122.2B

Mga Lump-Sum Fund 2%

PhP32.9 B

Ang mga natitirang lump-sum na alokasyon ay tumutukoy sa mga pondo sa badyet na hindi maaaring paghiwa-hiwalayin o hatiin sa panahon ng paghahanda at pagsasabatas ng badyet, lalo na ang mga nakalaan sa mga hindi inaasahang pangyayari.

National Disaster Risk Reduction and Management (NDRRM) Fund	PhP 19.6 B
Contingent Fund	PhP 13.0 B
Alokasyon sa mga LGU (benepisyo ng mga namayapang opisyal ng barangay, bahagi sa Fire Code Fees)	PhP 0.3 B

**KABUOAN:
PhP1,406.6 B**

100%

*Maaaring hindi tumugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off
** Special Shares of LGUs in the Proceeds of National Taxes, Local Government Support Fund, at Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Kalakhang Maynila (MMDA)

DIMENSIYON NG 2018 BADYET


BATAY SA PINAGKUKUNAN NG LAANG-GUGULIN

Ang 2018 Badyet ay sinusuportahan ng New General Appropriations na PhP2,861.5 bilyon, na kumakatawan sa 74.5% ng kabuoang gugulin, at Automatic Appropriations na PhP980.8 bilyon.

New General Appropriations

Ang New General Appropriations ay tumutukoy sa bahagi ng Pambansang Badyet na taunang isinusumite sa Kongreso para pagtibayin. Ang mga laang-guguling ito ay binubuo ng Programmed New General Appropriations at ng Unprogrammed New General Appropriations.

Programmed New General Appropriations



Unprogrammed New General Appropriations

PhP75.3 B

Kung saan:

● Risk Management Program	PhP23.4 B
● Suporta para sa mga Proyekto ng Pang-Impraestruktura at Programang Panlipunan	PhP13.7 B
● AFP Revised Modernization Program	PhP5.0 B
● Bangon Marawi Fund	PhP5.0 B

na tumutukoy sa standby authorities na ipinagkaloob ng Kongreso na maaaring ipamahagi sa oras na lumagpas sa mga target ng mga tinatayang koleksiyon ang alin man sa mga naimungkahi nang pagmumulan ng rentas o kung may natanggap na grant o panlabas na pautang.

Automatic Appropriations


Ito ay mga pondo na sakop ng umiiral na batas na hindi na kailangan ng pana-panahong aksiyon ng Kongreso at, samakatwid, ay hindi na kailangang isama sa pagsasabatas ng taunang badyet.


PhP980.8 B

● Internal Revenue Allotment	PhP522.7 B
● Kabayaranang Interes sa Pagbabayad ng Utang	PhP354.0 B
● Iba pa*	PhP104.0 B

*Retirement and Life Insurance Premiums, PhP42.6 B; Tax Expenditures, PhP19.5 B; Special Accounts, PhP25.1 B; at Pensions for Spouses of Ex-Presidents, PhP480 M.

Porsiyentong Pagbabago, 2017-2018





PAGSASAKATUPARAN NG MGA PANGAKO NG PANGULO

Ang 2018 Badyet ay kumakatawan sa katuparan ng mga pangako ni Pangulong Duterte noong panahon ng kampanya.


I. Unibersal na Akses sa De-kalidad na Edukasyong Tersiaryo

Sa pamamagitan ng 2018 Badyet, tinutugunan ng Administrasyon ang iba't ibang oportunidad upang makapag-aral at maabot ang de-kalidad na higit na mataas na edukasyon, gamit ang programang Universal Access to Quality Tertiary Education (UAQTE).

Php40.0 B

Para sa UAQTE, upang magkaloob ng libreng matrikula sa mga mag-aaral sa kolehiyo sa mga Pampamahalaang Unibersidad at Kolehiyo (SUC) at marami pang iba (tingnan ang mga detalye sa ibaba)

Libreng Matrikula 2017 vs UAQTE 2018^{1/}



^{1/} Pinagmulan ng Datos: Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon at Kagawaran ng Badyet at Pamamahala

^{2/} Mga Lokal na Unibersidad at Kolehiyo

^{3/} Ang subsidyo ay katumbas ng matrikula at iba pang bayarin sa paaralan ng pinakamalapit na SUC o pampublikong Technical Vocational Institute sa kanilang mga kaukulang lugar.

II. Pagdoble sa Sahod ng mga Militar at Unipormadong Kawani

Dahil sa pagsasabatas ng Kongreso ng Joint Resolution No. 1 noong Enero 1, 2018, isinakatuparan ni Pangulong Duterte ang kaniyang pangako na tataasan ang base pay ng mga militar at unipormadong kawani (MUP) na may tinatayang kabuoang halaga na Php64.2 bilyon.



100% taas sa buwanang batayang sahod

Para sa Police Officer I, Fire/Jail Officer I, Private, at Apprentice Seaman

Php14,834 → Php29,668

Probisyon para sa Pampanganib na Sahod (Hazard Pay)

Php540/buwan

Average na pagtaas para sa lahat ng ranggo ng MUP

2018: 58.7%

2019: 72.2%

Ang unang bugso ng pagtaas ay epektibo na noon pang Enero 1, 2018. Ang ikalawang bugso ay magiging epektibo sa Enero 1, 2019.

III. Libreng Patubig Para sa Lahat

Tinitiyak ng 2018 Badyet ang katuparan ng mga pangako ng Pangulo na magbigay ng libreng patubig sa maliliit na magsasaka.

PhP41.7 B

para sa Pambansang Pangasiwaan sa Patubig (National Irrigation Administration o NIA) para masiguro ang paggawa, panunumbalik, pagkukumpuni, at pagsasaayos sa buong bansa ng mga sistemang irigasyon na matibay at handa sa sakuna.

Free Irrigation Service Act

Noong Pebrero 2, 2018, nilagdaan ng Pangulo ang Batas Republika Blg. 10969, o ang Free Irrigation Service Act, na naglilibre sa mga magsasaka na may walo (8) o mas mababa pang ektarya ng lupa sa pagbabayad ng irrigation service fees (ISF). Hindi na rin pinababayaran ng batas ang mga hindi pa nabayarang ISF at mga kaakibat nitong multa sa utang ng mga magsasaka sa NIA.

Mga Target

Porsiyentong pagtaas sa bilang ng mga benepisyadong magsasaka na tumaas ang produktibidad

2018: 50%
2017: 20%

Bilang ng mga ektarya na napatubigan sa kabuoang panahon ng anihan

Para sa mga pambansang sistemang patubig

2018: 1,205,557 ektarya

2017: 1,135,747 ektarya

Para sa mga pangkomunidad na sistemang patubig

2018: 1,316,753 ektarya

2017: 1,149,164 ektarya

Ang mga pambansang sistema ng patubig ay malalaki at katamtamang pamamaraan ng patubig na pinatatakbo at pinananatili sa ayos ng NIA, samantalang ang mga pangkomunidad na sistemang patubig ay maliliit na pamamaraan ng patubig at ginagawa kasama ang paglahok ng mga makikinabang na magsasaka sa pamamagitan ng mga samahang patubig.

Bilang ng mga ektarya ng mga binubuong bagong lugar ng serbisyo

2018: 18,447 ektarya

2017: 16,562 ektarya

Subsidyo para sa Irrigation Service Fees



Para punan ang bayad ng libreng serbisyong patubig sa mga magsasaka



IV. Marawi Rehabilitation and Recovery Program*

Para sa muling pagpapatayo ng mga nasirang kabahayan at impraestruktura at tugunan ang mga pangangailangan ng 465,674 na indibidwal na nawalan ng tirahan dahil sa digmaan sa Marawi

2018: PhP10.0 B
2017: PhP5.0 B

*Kukunin mula sa PhP25.5 bilyon na NDRRM Fund



PAGBABAGONG NAKAPAGBABAWAS SA HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY PAGBILIS NG PAGPAPAUNLAD NG HUMAN CAPITAL: DE-KALIDAD, NAAABOT, AT ANGKOP NA EDUKASYON

Edukasyon ang kayamanan ng bawat bansa. Bilang ang may kasanayan at mobile na human capital ay itinuturing na isa sa mga pangunahing tagapagtaguyod ng pag-unlad at pag-asenso ng ekonomiya, patuloy na pinopondohan ng pamahalaan ang mga programa, proyekto, at gawain upang ang edukasyon ay maaabot ng bawat Filipino. Ang Sektor ng Edukasyon ay binibigyan ng **PhP672.4 bilyon** para sa 2018, 2.4% higit sa badyet noong 2017 na PhP656.3 bilyon.

BATAYANG EDUKASYON


Layunin ng edukasyong primarya at sekundarya na mabigyan ang mga bata ng matatag na pundasyon upang malinang ang kanilang mga kasanayan at abilidad. Para sa 2018, ang Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education o DepEd) ay pinaglaanan ng **PhP580.6 bilyon** badyet.



2018 Target ng DepEd


Net Enrolment Rate

ay tumutukoy sa bilang ng mga estudyanteng dapat ay kabilang sa isang pangkat ng edad sa antas ng edukasyon, bilang porsiyento ng kabuoang bilang ng populasyon na kabilang sa pangkat ng edad na iyon.



Completion Rate

ay tumutukoy sa porsiyento ng mga mag-aaral na nakatapos ng isang antas ng edukasyon sa loob ng itinakdang bilang ng taon nang pag-aaral.



Mga Pangunahing Pasilidad Pang-Edukasyon

- Pagtayo ng 28,170 silid-aralan
- Pagbili ng 81,201 set ng upuan ng paaralan
- Pagsaayos rehabilitasyon ng 6,800 silid-aralan

Lakas-Tao

- Paglikha ng 81,100 teaching positions (K-to-10 program: 78,924; Tanging Edukasyon: 1,944; Senior High School: 232)
- Paglikha ng 140 non-teaching positions

Gamit sa Pag-aaral

- 34.68 milyong libro
- 3,740 kagamitang pang-Agham at Matematika
- 4,000 mga e-textbook package
- 18,969 Kasangkapan at kagamitan Panteknikal-Bokasyonal

Serbisyong Pangkalusugan at Nutrisyon

PhP5.3 bilyon para sa Feeding Program sa mga paaralan. Ang mga makikinabang dito ay:

- 1.7 milyong severely wasted at wasted na mag-aaral (mag-aaral na mababa ang timbang kaugnay sa tangkad)

Tulong ng Pamahalaan para sa mga Mag-aaral at Guro


PhP26.3 bilyon para magbigay ng tulong pinansiyal sa:

- 2,327,687 mag-aaral
- 41,659 guro na kabilang sa Teacher Salary Subsidy Program

TERSIYARYONG EDUKASYON AT TEKNIKAL-BOKASYONAL NA EDUKASYON

Tersiyaryong Edukasyon:

Upang masolusyunan ang mga pagsubok ng globalisasyon, patuloy na pinoponduhan ng pamahalaan ang edukasyong tersiyaryo at teknikal-bokasyonal upang lalong umigting ang kakayahan ng lakas-tao ng bansa, at itaas ang produktibidad ng paggawa at empleo sa bansa.



Upang iangat ang kalidad ng edukasyon at ang employability ng mga nagsisipagtapos, **PhP115.7 bilyon** ang nakalaan upang pondohan ang Sektor ng Tersiyaryong Edukasyon sa 2018. Ang mga Pampamahalaang Kolehiyo at Unibersidad (State Universities and Colleges o SUC) ay makakakuha ng **PhP65.2 bilyon**, 6.2% higit sa 2017 badyet na PhP61.4 bilyon. Ang Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon (Commission on Higher Education o CHED) ay tatanggap ng **PhP50.5 bilyon** sa 2018, malaking pagtaas sa 2017 badyet nito na PhP19.6 bilyon para ipatupad ang UAQTE.



Student Financial Assistance Program

PhP5.4 bilyon upang tulungan ang 420,553 mag-aaral

Tulong Dunong Program

PhP4.2 bilyon upang bigyan ng scholarship ang 459,469 mag-aaral

K-to-12 Transition Program

PhP2.8 bilyon para sa:

- 3,556 scholarship para sa graduate studies
- 110 development grants para sa mga guro at kawani
- 234 mga institutional at innovation grant

TEKNIKAL-BOKASYONAL NA EDUKASYON

PhP7.6 bilyon para sa Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (Technical Education and Skills Development Authority o TESDA), 12% higit sa badyet nito na PhP6.8 bilyon noong 2017.

Training for Work Scholarship Program (TWSP): PhP2.8 bilyon

Bilang ng enrollees: 262,575

Bilang ng magsisipagtapos: 236,318


Special Training for Employment Program (STEP): Ph0.9 bilyon

Bilang ng mga benepisyado: 61,581

Private Education Student Financial Assistance (PESFA): PhP0.2 bilyon

Bilang ng mga benepisyadong makikinabang: 11,111





A circular illustration of a hospital building with various medical icons around it, including a doctor, microscope, ambulance, and lab equipment.

PhP785 milyon para masiguro ang 90% tulin sa pagtuklas ng TB at tulin sa paggamot ng TB, at mabawasan ang bilang ng mga kaso ng TB sa 225 na lamang kada 100,000 sa 2022 mula sa 322 noong 2015

Programa sa Pagpapatakbo ng Health Facilities

PhP27.6 bilyon, na ang **PhP18.1 bilyon** nito ay para sa operasyon ng iba't ibang panrehiyong ospital ng DOH at ibang pasilidad pangkalusugan

Programa sa Pagpapahusay ng Health Facilities

PhP30.3 bilyon upang pondohan ang:

- Pagpapatayó ng 1,291 bagong Barangay Health Station (BHS)
- Pagpapatayó ng 86 bagong Rural Health Unit (RHU), at tapusin ang pagpapagawa at kumpletuhin ang kagamitan ng mga 508 RHU, Urban Health Center (UHC), at City Health Office (CHO)
- Pagpapabuti sa pasilidad ng 461 ospital at polyclinic



Alokasyon Batay sa Rehiyon para sa mga Pangunahing Proyekto* sa Ilalim ng Programa sa Pagpapahusay ng Health Facilities (sa libong Piso)

REHIYON	BHS	RHU, UHC, CHO	PAGAMUTAN
CAR	171,143	64,478	553,519
Rehiyon I	168,400	211,600	347,180
Rehiyon II	129,799	147,265	685,759
Rehiyon III	182,528	85,360	1,172,674
NCR	-	156,671	2,327,338
Rehiyon IV-A	130,100	28,500	449,746
MIMAROPA	18,400	391,894	590,586
Rehiyon V	251,620	368,247	1,125,985
Rehiyon VI	110,200	180,700	1,493,228
Rehiyon VII	595,100	341,800	1,097,814
Rehiyon VIII	100,800	4,450	134,808
Rehiyon IX	53,750	186,500	743,271
Rehiyon X	267,857	50,800	1,065,665
Rehiyon XI	129,100	29,000	620,250
Rehiyon XII	340,648	58,950	894,453
CARAGA	182,537	49,587	517,572
ARMM	60,598	10,900	600,336
KABUOAN	2,023,891	2,366,702	14,420,184

* Bukod ang mga Polyclinic at ibang yunit pangkalusugan





PAGBABAGONG NAKAPAGBABAWAS SA HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY PAGBAWAS NG KAHINAAN SA MGA INDIBIDWAL AT PAMILYA

Ang mga sektor na may kahinaan laban sa mga dagok pang-ekonomiya ay ang siya ring mga pangkat na may mataas na insidente ng kahirapan, tulad ng: mga bata (34%), kababaihan (22.5%), at matatanda. Ang Administrasyong Duterte ay binibigyang-halaga ang pagbibigay ng mga benepisyo sa mga natukoy na mamamayan at sambahayang Filipino upang tulungan sila na makaagapay sa mga pagsubok na makaaapekto sa kanilang katayuan.



Masasalamín sa mithiin ng pamahalaan na makapagbigay ng pangangalagang panlipunan sa mga pangkat na ito, ang Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad (Department of Social Welfare and Development o DSWD) ay makatatanggap ng 2018 badyet na **PhP142 bilyon**, 10.59% higit sa 2017 badyet na PhP128.4 bilyon.

Pangangalaga sa Mahihirap



Conditional Cash Transfer (CCT) Program

PhP89.4 bilyon upang maghatid ng tulong pang-edukasyon, tulong pangkabuhayan, at serbisyong pangkalusugan sa mga:

- **4.4 milyong mahihirap na pamilya** (Regular CCT)
- **235,289 benepisyado** (Modified CCT)



Sustainable Livelihood Program

PhP5.1 bilyon para sa mga mahihirap na sambahayan upang paunlarin ang kanilang kakayahan sa pagnenegosyo at pagtatrabaho. Sa 2018, matutulungan ng programa na ito ang:

- **153,551 benepisyado**



Kalahi-CIDSS National Community-Driven Development Program

PhP5.4 bilyon para sa paglahok ng mga komunidad sa paggawa ng plano at badyet ng lokal na pamahalaan upang mapabuti ang pagkamit ng mga serbisyong pampubliko. May target ito na makumpleto ang 2,705 sub-project sa 5,551 barangay na saklaw ng 15 rehiyon sa taong 2018.


Pangangalaga sa Matatanda

Pensiyaon para sa Maralitang Matatanda

PhP19.3 bilyon para magbigay ng buwanang stipend na PhP500 sa 3 milyong maralitang matatanda

Implementasyon ng Centenarians Act

PhP190 milyon para magbigay ng minsanang cash reward na PhP100,000 sa 1,895 matatandang may edad 100 at pataas



Pangangalaga sa mga Bata



Programang Pantulong na Pagpapakin

PhP3.4 bilyon upang mapabuti ang kalagayang nutrisyon ng mga batang may edad limang (5) taon pababa sa pamamagitan ng paghahain ng masusustansiyang pagkain sa:


- **1,746,199 mag-aaral sa daycare**

Bangsamoro Umpungan sa Nutrisyon (BangUN)

PhP156 milyon upang matugunan ang pangangailangan sa nutrisyon ng 7,000 kapos sa timbang na bata sa ARMM. Sinisiguro ng programang ito na ang mga ihahain ay mga katutubong pagkain na angkop sa kultura para sa:

- **1,000 buntis**
(kabilang ang mga kabataang ina)
- **1,000 nagpapasusong ina**
(kabilang ang mga kabataang ina)
- **Halos kalahati ng 7,000** mga magulang na walang trabaho o hindi angkop ang trabaho sa kanilang kahusayan
- Mga **75 barangay at 40 bayan** na nangangailangan ng teknikal na suporta para sa likas-kayang solusyon sa mga problema sa nutrisyon

Pangangalaga ng mga Filipino sa Ibayong Dagat (Overseas Filipinos o OF)




Pangangalagang Panlipunan at Kagalingan ng mga OF

PhP627 milyon upang mapabilis ang paglikha ng mga marangal na trabaho at isulong ang kaligtasan ng mga OF



Mga Serbisyo sa mga Namimighating OF

PhP90 milyon upang matulungan ang mga OF na biktima ng kawalang-katarungan, pang-aabuso, at mga panlabas na dagok



Programang Reintegrasyon para sa mga OF

PhP100 milyon upang tulungan ang mga balikbayang OF na bumuo ng kanilang mga sariling negosyo para tugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan




PAGBABAGONG NAKAPAGBABAWAS SA HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY

PAGPAPALAWIG NG MGA OPORTUNIDAD SA AGRIKULTURA, PANGANGASIWA NG GUBAT, AT PANGISDAAN

Sa badyet na Php103.5 bilyon para sa Sektor ng Agrikultura, Pangangasiwa ng Gubat, at Pangisdaan (Agriculture, Forestry, and Fisheries o AFF), ang Administrasyong Duterte ay nangangakong iaangat ang antas ng kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda na kabilang sa mga pinakadukha sa bansa.

Mga Magsasaka at Mangingisda na Saklaw ng Kahirapan



Bawasan ang Kagutuman

Upang pasiglahin ang sektor ng agrikultura sa bansa, ang Kagawaran ng Agrikultura ay ipinagkalooban ng mas mataas na badyet na **Php59.8 bilyon**¹ para makatulong sa pagpapakain ng mahigit 100 milyong Filipino.

¹Batay sa GAA kasama ang mga Korporasyong Ari at/o Kontrolado ng Pamahalaan

Mga Programa sa Agrikulturang Kalakal



Programa sa Palay = Php11.8 B

Maparami ang ani ng palay na aabot sa 19.79 milyong metriko tonelada (MMT)
2017: **Php9.7 B** → 18.57 MMT




Programa sa Mais = Php3.0 B

Dagdagan ang produksiyon ng dilaw na mais na aabot sa 8.87 MMT
2017: **Php2.8 B** → 8.45 MMT

Programa sa Pangisdaan = Php4.6 B

Dagdagan ang produksiyon ng mga isda at iba pang yamang-tubig


Komersiyal



Munisipal



Aquaculture



Programa sa mga Pananim na May Mataas na Kalidad (High Value Crops) = Php3.6 B

Pataasin ang pamumuhunan sa pangangalakal ng mga pananim na mataas ang kalidad



Saging

2018: **9.926 MMT**
2017: 9.64 MMT



Kape

2018: **0.052 MMT**
2017: 0.044 MMT



Kakaw

2018: **0.027 MMT**
2017: 0.019 MMT



Pinya

2018: **2.822 MMT**
2017: 2.74 MMT



Mangga

2018: **0.986 MMT**
2017: 0.96 MMT



Rubber

2018: **0.262 MMT**
2017: 0.23 MMT

Programa sa Paghahayupan = Php2.7 B

Maglaan ng kompetitibong panghaliling kabuhayan sa pamamagitan ng paghahayupan



2018

1.79 MMT

2017

1.89 MMT



2.16 MMT

2.14 MMT

Pambansang Pangasiwaan sa Pagkain (National Food Authority) = Php7.0 B

Tiyakin ang pagkakaroon ng sapat na suplay ng bigas lalo na sa mga panahong salat sa pamamagitan ng Buffer Stocking Program



388,889 metriko toneladang palay na iaangkat



Pataasin ang Produktibidad ng Agrikultura

Ang bawat bansa ay dapat maglaan ng hindi bababa sa 1% ng GDP para sa pagpapabuti ng agrikultura¹. Upang matugunan ito, ang gobyerno ay naglalaan ng pondo para sa mga sari-saring programa sa pananaliksik, impraestruktura, at mga programang pautang upang mapataas ang kita ng mga magsasaka at mangingisda at mabawasan ang kanilang kawalang-kita.

Impraestruktura



PhP11.7 B

Mga Kalsadang mula Bukid hanggang Palengke

Gumawa ng 1,169 km ng mga kalsada sa 2018

PhP4.2 B

Paggamit ng Makinarya at mga Pang-aning Pasilidad

Bigyan ang mga magsasaka ng mga kagamitan at pasilidad para sa paggamit ng makinarya at pang-aning gawain, tulad ng mga pambakana, trak na panlipat ng mga produkto, traktor, at combine harvester at transplanter

PhP40.9 B

Paggawa ng mga Sistemang Patubig

Ponduhan ang pagpapaunlad, pananali, at pagkukumpuni ng mga sistemang patubig na matatag sa nagbabagong panahon sa pamamagitan ng Pambansang Pangasiwaan sa Patubig



Panahon ng Tagtuyot
582,898 ektarya



Panahon ng Tag-ulan
613,193 ektarya

Target:
580,050
benepisyadong
magsasaka

Pananaliksik at Pagpapaunlad (Research and Development o R&D)



PhP1.0 B

DOST-Sanggunian ng Pilipinas para sa Pananaliksik at Pagpapaunlad ng Agrikultura, Akwatiko, at Likas na Yaman

Ponduhan ang 262 proyekto at tugunan ang 90% ng mga priyoridad sa pananaliksik na may kaugnayan sa sektor ng agrikultura, pangangasiwa ng gubat, at pangisdaan na nakapaloob sa Harmonized R&D Agenda

PhP1.2 B

Kawanihan ng Pananaliksik sa Agrikultura

Pangunahan at pag-ugnayin ang R&D ng agrikultura at pangisdaan ng bansa

PhP374 M

Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang-Tubig

Magsagawa ng mga pag-aaral para madagdagan ang produksiyon at kita ng mga mangingisda

PhP115 M

Surian sa Pananaliksik at Pagpapaunlad ng mga Produktong Gubat

Magsagawa ng R&D at lumikha ng teknolohiya at impormasyon ukol sa mga produktong galing sa gubat

Alokasyon para sa mga Kalsadang mula Bukid hanggang Palengke Batay sa Rehiyon (sa milyong Piso)

Rehiyong Administratibo ng Cordillera (CAR)	336
Rehiyon I - Ilokos	679
Rehiyon II - Lambak ng Cagayan	522
Rehiyon III - Gitnang Luzon	1,136
Sentral na Opisina	175
Rehiyon IV-A - CALABARZON	878
MIMAROPA	527

Rehiyon V - Bikol	735
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas	1,149
Rehiyon VII - Gitnang Visayas	659
Rehiyon VIII - Silangang Visayas	484
Rehiyon IX - Tangway Zamboanga	380
Rehiyon X - Hilagang Mindanao	550
Rehiyon XI - Rehiyon ng Davao	685
Rehiyon XII - SOCCSKSARGEN	568
Rehiyon XIII - CARAGA	496

Tulong Pinansiyal



PhP1.1 B

Programa sa Agarang Pagpapautang para sa mga Magsasaka at Mangingisda

Upang mabigyan ang target na 80,200 benepisyado ng abot-kayang pautang sa pamamagitan ng paglalaan ng mga pahiram na walang kolateral para sa produksiyong pang-agrikultura at pangisdaan

PhP3.5 B

Programa sa Seguro sa Pananim

Upang mabigyan ng segurong proteksiyon ang target na 1,820,033 magsasaka at mangingisda laban sa mga pinsalang dala ng mga kalamidad, mga sakit ng halaman, at pamumugad ng mga peste

Pabilisin ang Reporma sa Lupa

Isa sa sampung pangangailangan ng mahihirap ay ang reporma sa lupa². Upang mapabilis ang pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at magbigay ng iba pang pangunahing suportang serbisyo, ang Kagawaran ng Repormang Pansakahan ay ipinagkalooban ng **PhP9.9 bilyon** para sa 2018.

PhP2.2 B

Programa sa Pagtatamo at Pamamahagi ng Lupain

53,841 ektarya ng lupang may nakarehistrong Emancipation Patents at Certificate of Land Ownership Awards

46,072 benepisyado ng repormang pansakahan

¹ United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO)

² Pambansang Komisyon Laban sa Kahirapan



PAGBABAGONG NAKAPAGBABAWAS SA HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY PAGPAPALAWIG SA MGA OPORTUNIDAD SA INDUSTRIYA AT SERBISYO

Ang mga Sektor ng Industriya at Serbisyo ay patuloy na malaki ang kontribusyon sa paglago ng ekonomiya. Sa kasalukuyan, mayroong labor force rate na 60.6%¹, higit sa kalahati, o 77.4% ng mga nagtatrabahong Filipino, ay nasa dalawang sektor na ito. Bukod dito, sa mga pangunahing sektor sa bansa, ang Industriya at Serbisyo ang may pinakamabilis na paglago noong 2017, na may 7.2% at 6.7%, ayon sa pagkakabanggit.

Sa badyet na **PhP6.0 bilyon** sa 2018, 25% higit mula sa 2017 na alokasyon nito na PhP4.8 bilyon, ang Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry o DTI) ay patuloy na maghahatid ng tulong sa mga micro, small, at medium enterprises (MSME) upang suportahan ang inklusibong pag-unlad ng bansa. Makakamit ito sa pamamagitan ng:

¹ Sa huling talâ noong Hulyo 2017



Pagtatayo ng mga Negosyo Center

2018: PhP515 milyon

Upang itaguyod ang dagliang pagtayô ng negosyo sa bansa sa pamamagitan ng dagdag na Negosyo Center, na magsisilbing one-stop shop para sa pagproseso ng mga kinakailangan at pagpaparehistro ng mga negosyo

Mga Detalye	Mga 2018 Target	Mga 2017 Target
 Bilang ng Ipatatayóng Negosyo Center	 150*	 150
 Bilang ng Imamantine na Negosyo Center	 597**	 299
 Bilang ng Naasikasong Kliyente	 500,000	 15,000

* Kabilang ang payak, sulong, at full service Negosyo Center

** Ayon sa huling talâ noong Disyembre 31, 2017, kasalukuyang mayroong 789 Negosyo Center

Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3) Program

2018: PhP1.0 bilyon

Para sa Small Business Corporation upang bigyan ang mga MSME ng isang alternatibong mapagkukunan ng pananalapi na may makatwirang bayad upang lalong paigtingin ang pag-unlad ng Sektor ng MSME



Programa sa Sosyo sa Negosyong Pasilidad (SSF)

2018: PhP1.0 bilyon

Upang paigtingin ang kompetisyon at dagdagan ang produktibidad ng mga MSME, ang programang SSF ay inilunsad para itaguyod ang diwa ng partnership na nagbibigay sa mga MSME ng oportunidad upang magkaroon ng higit na pinabuting energy-efficient na kagamitan at pinahusay na teknolohiya sa ilalim ng sistema ng pagsososyo. Kabilang sa badyet na ito ang PhP600 milyon na laang-gugulin sa mga SSF ng Pampamahalaang Unibersidad at Kolehiyo (State Universities and Colleges o SUC), Lungsod ng Marawi, Schools of Living Traditions, at sektor ng kabataan.

Mga Detalye	2018 Target	2017 Target
■ Bilang ng SSF na Ipatatayo	■ 328	■ -
■ Bilang ng Pinapatakpong SSF	■ 2,195	■ 2,219

Programa sa Promosyon ng Pamumuhunan

2018: PhP140 milyon

Upang makahikayat ng maraming namumuhunan sa bansa sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga programa, gawain, at mga proyekto na nakatutok sa pagsulong ng mga lokal at dayuhang namumuhunan

One Town, One Product (OTOP): Next Generation

2018: PhP100 milyon

Upang matulungan ang mga lokal na komunidad na bumuo ng kanilang sariling mga katutubong produkto upang higit pang mapalakas ang inklusibong paglago ng lokal na ekonomiya

- Layon na tulungan ang 6,000 MSME sa buong bansa
- Upang lumikha ng hindi bababa sa limang (5) produkto sa bawat lalawigan

Programa sa Komprehensibong Estratehiya sa Pagbuhay ng Awtomotib

2018: PhP34 milyon

Upang maibalik ang industriya ng automotive at maitaguyod ang bansa bilang isang regional automotive manufacturing hub, pagkakalooban ng mga insentibo at suporta sa fixed investment ang mga kalahok na gumagawa ng kotse dahil sa pagmamanupaktura ng halos 600,000 yunit ng tatlong modelo ng sasakyan sa loob ng anim na taóng panahon ng programa, at ang produksiyon ng body shell at malalaking plastik na bahagi ng sasakyan. Ang Programa ay maghahatid ng:

- 67,500 karagdagang mga trabaho
- PhP7.6 bilyon sa kita ng pamahalaan sa pamamagitan ng VAT, mga withholding tax, mga excise tax, at mga import tax
- PhP7.5 bilyon sa pamumuhunan



PAGPAPANATILI NG MGA PUNDASYON PARA SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD PAGPAPABILIS SA IMPLEMENTASYON NG ESTRATEHIKONG IMPRAESTRUKTURA

Mahalaga sa pag-unlad ng bansa ang sapat at kalidad na impraestruktura, yamang nagiging mas mabilis at mabisa ang paghahatid ng mga tao at kalakal mula sa mga lugar ng produksiyon patungong palengke sa tulong ng mahuhusay na mga kalsada, daungan, paliparan, tulay, at iba pang pasilidad pang-impraestruktura. Mas madali ring mararating ang mga lalawigan, na nagreresulta sa mas mababang gastusin sa produksiyon at transportasyon.




Alinsunod sa adyenda laban sa kahirapan, ang Administrasyong Duterte ay naghahangad na maglaan ng mahigit sa 5% ng GDP para sa transportasyong impraestrukturang panlopa, pandagat, at panghimpapawid, upang maabot ang target na paggugol sa impraestrukturang aabot sa 7.3% ng GDP pagdating ng 2022.



Pagtiyak sa Ginintuang Panahon ng Impraestruktura

Target na Paggugol sa Impraestruktura, 2017-2022




Pagpapatuloy sa Programang Build, Build, Build



Para sa 2018, **Php1,068.4 bilyon** ang itinatagala para sa Programang Build, Build, Build, kumakatawan sa 6.1% ng GDP. Ang halagang ito ay gagamitin upang mapabuti at gumawa ng mga kalsada, riles, paliparan, at daungan sa buong bansa.

Mga Proyektong Pang-impraestruktura (sa bilyong Piso)

■ 2017
■ 2018 GAA




Upang palawigin ang pagpapaunlad ng impraestruktura sa buong bansa, ang pamahalaan ay naglaan ng mas mataas na pondo para sa mga proyektong pang-impraestruktura sa mga rehiyon.

Paggugol sa Impraestruktura Batay sa Rehiyon, 2017-2018 (sa bilyong Piso)

Ang Luzon ang makakukuha ng pinakamalaking pondo na nagkakahalaga ng PhP148.0 bilyon, sinusundan ng PhP85.8 bilyon para sa Mindanao, PhP71.6 bilyon para sa Pambansang Rehiyong Kapital (NCR), at PhP62.3 bilyon para sa Visayas.

Mga Detalye	2017 GAA	2018 GAA
Pambansa (Nationwide) ¹	108.2	116.6
Sentral na Opisina (Central Office) ²	382.1	584.1
Rehiyong Administratibo ng Cordillera (CAR)	11.0	11.8
Rehiyon I - Ilokos	22.1	20.4
Rehiyon II - Lambak ng Cagayan	15.6	14.1
Rehiyon III - Gitnang Luzon	34.6	34.5
Pambansang Rehiyong Kapital (NCR)	59.3	71.6
Rehiyon IV-A - CALABARZON	34.3	29.8
MIMAROPA	15.6	14.0
Rehiyon V - Bicol	27.0	23.3
Rehiyon VI - Kanlurang Visayas	20.7	20.2
Rehiyon VII - Gitnang Visayas	23.4	20.3
Rehiyon VIII - Silangang Visayas	21.5	21.8
Rehiyon IX - Tangway Zamboanga	11.5	11.5
Rehiyon X - Hilagang Mindanao	17.5	16.7
Rehiyon XI - Rehiyon ng Davao	16.2	16.9
Rehiyon XII - SOCCSKSARGEN	11.2	13.5
Rehiyon XIII - CARAGA	11.9	12.1
Rehiyong Awtonomo ng Muslim Mindanao (ARMM)	14.5	15.2
Kabuoang Bilang	858.1	1,068.4

*Maaaring hindi magtugma ang kabuoang bilang dahil sa rounding off



¹Pambansa (Nationwide) ay tumutukoy sa mga alokasyong pang-impraestruktura para sa mga proyektong nakapaloob sa mga pondong iba't ibang makikinabang, o multi-user funds, na hindi pa matukoy sa panahon ng paghahanda ng badyet. Sa 2018, ang mga multi-user funds na ito ay binubuo ng IRA at ng Calamity Fund.

²Sentral na Opisina (Central Office) ay binubuo ng mga alokasyong pang-impraestrukturang pinangangasiwaan ng Punong Tanggapan ng mga kagawaran/ahensiya.

Mga Public-Private Partnership

Upang mapabilis ang pagpapatupad ng mga proyekto, itataguyod ng Administrasyon ang "hybrid approach" sa sistemang Public-Private Partnership (PPP). Poponduhan ng gobyerno ang pagtatayo ng mga proyektong pang-impraestruktura, at kapag natapos ang mga ito, ay ipaubaya ang operasyon at pangangalaga ng mga ito sa pribadong sektor.

Sa huling tala noong Pebrero 6, 2018

16 proyektong PPP ang naigawad na

14 proyektong PPP ang pinaplano pa

Pagpapabuti sa Episyenteng Pagkilos, Connectivity, at Katatagan

PhP637.9 bilyon, mas mataas nang 36.4% sa PhP467.7 bilyong alokasyon noong 2017, ay inilalaan para sa Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan upang tiyaking ligtas at maaasahan ang mga pambansang kalsada. Poponduhan ng badyet ng nasabing Kagawaran ang sumusunod na programa:

Pangalagaan ang 631.2 km na mga kalsada at muling gawin/ikumpuni ang 400.7 km na mga nasirang pambansang kalsada

Pangangalaga ng Ari-arian
PhP65.2 B

Gumawa ng 1,535.4 km bagong kalsada at palawakin ang mga 1,298.2 km kasalukuyang pambansang kalsada

Network Development
PhP190.4 B

Magtayo/palitan ang 5,099.6 lineal metro (lm) na mga panibagong tulay at panatilihin at ayusin ang mga 500 kasalukuyang tulay

Programa sa Tulay
PhP38.8 B

Pag-ibayuhin ang network ng impraestrukturang logistics sa mga rehiyon ng Mindanao

Mindanao Logistics Infrastructure Network
PhP22.3 B

Gumawa ng 1,936 estrukturang pumipigil sa baha at mga sistema ng daluyan ng tubig

Programa sa Pagkontrol ng Baha
PhP38.8 B


Pagpapahusay sa Sistema ng Pampublikong Transportasyon

PhP43.6 bilyon ang inilaan sa Kagawaran ng Transportasyon upang mabigyan ang mga mamamayang Filipino ng ligtas, abot-kaya, at komportableng sistema ng pampublikong transportasyon.



Transportasyong Panghimpapawid

PhP9.8 B
para sa Aviation
Infrastructure
Program



PhP1.1 B

Night Rating ng mga Paliparan

Palakasin ang kapasidad sa nighttime landing ng mga paliparan sa Pampanga, Albay, at Agusan del Norte

Paggawa/Pagsasaayos/Rehabilitasyon ng mga Paliparan

PhP900 M

Kalibo International
Airport, Aklan

PhP900 M

Bicol (New Legaspi)
International Airport

PhP425 M

Bukidnon Airport

PhP386 M

New Bohol (Panglao)
International Airport

Tatlong foreign-assisted na proyektong Bus Rapid Transit (BRT) ang naglalayong pagaanin ang mabibigat na daloy ng trapiko sa Metro Manila at Metro Cebu:

Daanang Pantransportasyon

PhP3.1 B

Cebu Bus Rapid Transit Project
(Bulacao-Ayala-Talamban)

PhP275 M

Metro Manila BRT Line 1
(Quezon City)

PhP300 M

Metro Manila BRT Line 2
(Epifanio Delos Santos Avenue)

Transportasyong Panriles

PhP22.3 bilyon ay nakalaan para sa mga programang transportasyong panriles sa 2018 upang pataasin ang target na bilang ng mga pasahero sa mga karaniwang araw nang 5% mula sa umiiral na bilang na 1.1 milyong pasahero.

PhP5.8 B

**Mindanao Railway
Project Phase I**
(Tagum-Davao-Digos)

PhP3.2 B

**North-South Railway
Project Phase 2**
PNR South

PhP2.5 B

**North-South Commuter
Railway (NSCR) Project**
PNR North

PhP1.3 B

**LRT Line 1
South (Cavite)**
Extension Project

PhP1.0 B

MRT Line 3
Rehabilitation and
Capacity Expansion

Transportasyong Pandagat

PhP5.5 B

para sa Maritime
Infrastructure Program

PhP2.0 B

Maritime Safety
Capability
Improvement
Program

PhP71 M

Pagpapatuloy
ng pagpapatayo
ng daungan sa
Taganak sa Turtle
Island, Tawi-Tawi

PhP60 M

Pagpapaayos at
pagpapahusay ng
Catbalogan City,
Samar Wharf Pier I

PhP41 M

Pagpapaayos ng
mga daungan ng
Maribojoc, Baclayan,
at Guindulman sa
Gitnang Visayas
(Rehiyon VII)



PAGPAPANATILI NG MGA PUNDASYON PARA SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD PAGTATAGUYOD SA MAKATARUNGAN AT PANGMATAGALANG KAPAYAPAAAN

Ang pangmatagalang kapayapaan ay makakamit lamang kapag ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan ay natutugunan. Alinsunod dito, maiging itinataguyod ng gobyerno ang isang adyendang pangkapayapaan, sa anyo ng mga estratehikong programa at proyektong pangkaunlaran na nakatuon sa mga lugar na naghihikahos at apektado ng labanan, lalong-lalo na sa Mindanao.

Balangkas para sa Kapayapaan at Kaunlaran

PhP7.3 bilyon ang magpoondo sa Programang PAYapa at MASaganang PamayaNAn (PAMANA) upang pahasayin ang pamamahala, ibsan ang kahirapan, at palakasin ang mga pamayanang nagigipit sa mga labanan sa pamamagitan ng nakapokus na paghahatid ng mga serbisong pang-impraestruktura at panlipunan.

Mula sa kabuoang ito, **PhP5.2 bilyon** ay ibinahagi sa Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan para sa paggawa ng mga kalsada at tulay sa mga lugar na apektado ng digmaang natukoy ng Tanggapan ng Pampanguluhan Tagapayo sa Prosesong Pangkapayapaan.



Iba Pang Proyektong PAMANA



Mga Kalsada at Tulay (ARMM)
2018: PhP560 M
2017: PhPO



Suporta sa Pamayanan (Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan)
2018: PhP1.5 B
2017: PhP1.0 B



Suporta sa mga Katutubong Mamamayan (Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan)
2018: PhP8 M
2017: PhP8 M



Mga Gantimpala sa Segurong Pangkalusugan (PhilHealth)
2018: PhP54 M
2017: PhP61 M




Mga Bigay-Tulong sa Pag-aaral (Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon)
2018: PhP19 M
2017: PhP22 M

Pagtiyak sa Seguridad sa Mindanao

Ang tumaas na badyet na PhP33.1 bilyon ay nakalaan para sa Rehiyong Awtonomo ng Muslim Mindanao (Autonomous Region in Muslim Mindanao o ARMM), na siyang naideklarang pinakamahirap na rehiyon sa bansa noong 2012 at 2015¹. Ang malaking bahagi ng badyet ay gagamitin upang pagbutihin ang logistics at literasiya sa rehiyon.

Iba Pang Programa sa 2018 Badyet ng ARMM

Programang Impraestruktura = PhP10.2 B



ARMM-Bangsamoro Regional Inclusive Development with Growth Equity (ARMM-BRIDGE)
2018: PhP3.6 B
2017: PhP2.1 B

Upang mabigyan ng tubig at sistemang pangkalinisan, pagkain, bahay, at ilaw ang 40,000 mahihirap na sambahayan sa 2018

ARMM-Health, Education, Livelihood, Peace, and Synergy (ARMM-HELPS)
2018: PhP2.0 B
2017: PhP1.8 B

Upang magbigay-serbisyo sa 553 barangay sa katapusan ng 2018

¹ 2012 at 2015 Full Year Poverty Statistics




PAGPAPANATILI NG MGA PUNDASYON PARA SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD

PAGTITIYAK SA SEGURIDAD, KAAYUSANG PUBLIKO, AT KALIGTASAN

Upang matiyak na nararamdaman ng mga Filipino na ligtas sila sa sariling bansa, ang Administrasyong Duterte ay patuloy na pinahuhusay ang panloob na kakayahang seguridad at depensa ng Pilipinas sa pamamagitan ng pamumuhunan sa Sektor ng Tanggulan.

PAGPAPATIBAY NG ATING TANGGULANG PAMBANSA

PhP150.0 bilyon ang inilaan para sa Kagawaran ng Tanggulang Bansa, higit nang 9.3% sa PhP137.2 bilyong alokasyon sa 2017. Malaking bahagi ng badyet ng DND, na umaabot sa PhP144.1 bilyon, ang mapupunta sa Sandatahang Lakas ng Pilipinas.



LIGTAS AT MATIWASAY NA MGA PAMAYANAN

Bilang may layuning mabawasan nang 5% ang pambansang antas ng krimen sa 2018, patuloy na sinusuportahan ng gobyerno ang kampanya nito laban sa ilegal na droga at iba pang mga estratehiyang iwas-krimen.



Pagpapababa ng Kriminalidad



Pambansang Pulisya ng Pilipinas
= PhP132.3 B

Alinsunod sa:



Pag-iwas at Pagsupil ng Krimen
= PhP110.2 B

5% pagtaas sa bilang ng mga isinagawang foot and mobile patrol operation



Imbestigasyon ng Krimen = PhP667.9 M
522,301 imbestigasyon ng krimeng naisagawa



National 911 Program (Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal) = PhP22.4 M

Upang i-emploo ang mga kalipikado at may kakayahang propesyonal para mapabuti ang kapasidad sa mabilis na pagtugon ng hotline

Inilunsad ang Hotline 911 noong Agosto 2016 bilang pagsisikap na pigilan ang kriminalidad at pangalagaan ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakayahan sa mga ahensiya ng pamahalaang tumugon agad sa mga sitwasyon ng kagipitan.

Tungo sa Isang Bansang Malaya sa Ilegal na Droga

Mula Hulyo 1, 2016 - Enero 17, 2018

Pinagmulan ng Datos: PNP

81,919 operasyong laban sa droga ang naisagawa

119,361 personalidad na may kinalaman sa droga ang arestado

PhP19.34 bilyon ng mga ilegal na droga, CPECs², at kasangkapan sa laboratoryo ang nakumpiska

²Ang CPECs o Controlled Precursors and Essential Chemicals ang mga sangkap na ginagamit sa paggawa ng mga ilegal na droga.

Upang itaguyod ang isang Pilipinas na malaya sa ilegal na droga, ang gobyerno ay nananatiling nakatuon sa iba't ibang mga programang laban sa bawal na gamot:



Operasyon ng mga Dangerous Drug Abuse Treatment and Rehabilitation Center (Kagawaran ng Kalusugan)
= PhP818.6 M



Programa para sa Pangangalaga at Pag-unlad ng mga Bilanggo
= PhP13.4 B



PAGPAPANATILI NG MGA PUNDASYON PARA SA LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD

PAGTITIYAK NG INTEGRIDAD NG EKOLOHIYA,
MALINIS, AT MALUSOG NA KALIGIRAN

Batid ng Administrasyong Duterte na ang degradasyon ng kaligiran, pagbabago ng klima, at iba pang mga panganib sa kalikasan ay maaaring makabawas sa mga natamo nang tagumpay at magpahina sa mga oportunidad sa pag-unlad sa kinabukasan. Dahil dito, **PhP27.9 bilyon** ang ibinukod para sa Likas na Yaman at Proteksiyon ng Kaligiran at Likas-Kayang Pag-unlad. Mula sa halagang ito, PhP25.7 bilyon, o 92%, ay ibinibigay sa Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (Department of Environment and Natural Resources o DENR) upang matiyak ang integridad ng ekolohiya, malinis, at malusog na kapaligiran.



PROTEKSIYON

Ang bansa ay nahaharap sa isang malubhang problema ng pagkasira ng kagubatan, na sanhi ng paggamit ng mga kagubatan para sa iba pang mga layunin. Ito ay hindi lamang matinding banta sa biodiversity, kundi nakadaragdag din sa pagtaas ng global warming. Ang mga pangunahing programa upang matugunan ito ay ang sumusunod:

National Greening Program

Sukat ng Tinaniman Bilang ng mga Punla

2018	PhP5.2 B	124,220 ektarya	121 M
2017	PhP7.1 B	200,544 ektarya	177 M



2018 Mga Target

124,220 ektarya

623,315 ektarya

Bilang ng mga ektaryang bukás at nakalabong mga kagubatan na naisailalim sa rehabilitasyon

Bilang ng mga ektaryang nataniman at pinananatili at protektado

Proteksiyon ng Kagubatan

2018: PhP809 M upang magpatrolya sa 8.2 milyong km ng kagubatan, kabilang ang 166 na iniingatang kagubatan, at upang hadlangan ang mga ilegal na gawain sa loob ng mga kagubatan

Wastong Pamamahala sa Basura

PhP910 M



Upang suportahan ang 50 lokal na pamahalaan sa pagpapasara at pagsasailalim sa rehabilitasyon ng mga dumpsite at pagtulong sa 500 lokal na pamahalaan sa pagtatayo ng mga pasilidad para sa materials recovery

Programa para sa Malinis na Tubig

PhP332 M



Upang masubaybayan ang 456 estero, na may karagdagang 119 kompara sa target na 337 estero noong 2017

Programa para sa Malinis na Hangin

PhP272 M



Para sa operasyon at pagpapanatili ng 94 Air Quality Monitoring Stations, kabilang ang pag-calibrate ng mga kagamitan sa kalidad ng hangin ng 48 istasyon

MABILIS NA KAALAMAN

Napapailalim sa badyet ng DENR ang pagtatatag ng isang *arboretum* ng mga lokal, endemic, at katutubong mga puno at uri ng halaman, kabilang ang mga halamang-gamot, sa Ninoy Aquino Parks at Wildlife Centre.

Ang arboretum ay isang harding botaniko na naglalayong magpalaganap ng mga pambihira, endangered, at mahahalagang puno para sa konserbasyon, siyentipikong pananaliksik, at mga layuning pang-edukasyon.

Paghahanda at Mitigasyon ng Sakuna

Sinasakop nito ang mga programang tutugon sa mga pangangailangan sa pagsangalang sa kaligiran at nakatutok sa agarang pagsasakatuparan ng mga pamantayan sa kapaligiran, na tutulong na palakasin ang katatagan ng mga Filipinong nakaharap sa mga banta mula sa kalikasan.




Pagkontrol sa Baha

Napapailalim sa badyet ng DPWH ang **PhP97.0 bilyon** na inilaan para sa pagtatayo at pagpapanatili ng mga estruktura para sa pagbabawas ng baha at mga sistema ng paagusan.

Nakalaan sa mga rehiyon para sa pagtatayo at pagpapanatili ng mga estruktura sa pagbabawas ng baha at mga sistema ng paagusan sa ilalim ng badyet ng DPWH (sa bilyong Piso)

CAR	1.2
NCR	46.7
Rehiyon I	3.9
Rehiyon II	1.2
Rehiyon III	8.8
Rehiyon IV-A	6.4
MIMAROPA	2.1
Rehiyon V	5.8
Rehiyon VI	1.2
Rehiyon VII	3.8
Rehiyon VIII	3.5
Rehiyon IX	1.6
Rehiyon X	2.5
Rehiyon XI	3.4
Rehiyon XII	2.6
Rehiyon XIII	2.1



**Maaaring hindi magtugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off*

National Disaster Risk Reduction and Management Program

PhP19.6 B

Para sa pagsasaayos, rehabilitasyon, pagkukumpuni, tulong, relief, at iba pang mga gawa o serbisyo, kabilang ang mga aktibidad sa paghanda sa sakuna tulad ng: risk assessment at vulnerability analysis; mga sistema sa pagmonitor ng komunidad; pagpapaunlad ng kapasidad sa pagmainstream ng Pamamahala at Pagbawas ng Pagkapanganib/ Adaptasyon sa Pagbabago ng Klima; pagtatayo ng mga dam at embankment; at pag-unlad at pag-institutionalize ng mga sistema ng maagang pagbabala.



Quick Response Fund (QRF)

Ang QRF ay alokasyon ng badyet para sa pre-disaster at nakaantabay na pondo, upang ang mga ahensiya ay agarang makatulong sa mga tao sa mga lugar na sinalanta ng mga kalamidad at krisis.

Bilang karagdagan sa Pondo ng NDRRM, ang kabuoang halaga na PhP7.6 bilyon ay ipinapatupad sa ilalim ng mga badyet ng sumusunod na ahensiya bilang QRF:

DepEd	PhP2.0 B
DSWD	PhP1.2 B
DPWH	PhP1.0 B
DA	PhP1.0 B
Office of Civil Defense	PhP0.5 B
NIA	PhP0.5 B
AFP	PhP0.8 B
DOH	PhP0.5 B
National Electrification Administration	PhP0.1 B





PAGPAPABUTI SA INTEGRIDAD PANLIPUNAN NAKASENTRONG SA MAMAMAYAN, MALINIS, AT EPISYENTENG PAGHAHATID NG PAMPUBLIKONG KALAKAL AT SERBISYO


Ang mga mapayapa at inklusibong lipunan ay nabubuhay ayon sa mga prinsipyo ng mabuting pamamahala at tuntunin ng batas. Sa pagtataguyod ng pamamahalang nakasentro sa mamamayan, sinusuportahan ng Administrasyon ang mga programa, gawain, at proyektong sumusugpo sa katiwalian, nagpapahusay ng pagkamit ng hustisya, at naghihikayat ng pakikilahok ng mga mamamayan.



MANIPIS, MALINIS, AT EPEKTIBONG PAMAHALAAN

Ang National Government Rightsizing Program ay isang repormang naglalayong tugunan ang mga kapansanan ng pamahalaan, bilang tugon sa tumataas na pangangailangan ng publiko para sa mas mabilis, mabisa, at episyenteng mga serbisyo.

Sa ngayon, mayroong:
187 ahensiya ng gobyerno
1.7 milyong posisyon sa gobyerno



Ang Rightsizing Program ay magbibigay-daan sa mas epektibo at episyenteng paghahatid ng serbisyo sa pamamagitan ng:



Pagtutunong ng mga pagsisikap at kayamanan ng pamahalaan sa mga mahahalagang serbisyo



Pagpapasimple ng mga operasyon, sistema, at proseso ng pamahalaan



Pagtatanggal sa mga paulit-ulit o nagkakaparehong tungkulin sa mga ahensiya

Sino ang Saklaw ng Programa?

Lahat ng mga kagawaran at ahensiya ng Sangay Tagapagpaganap

Hindi Kasali sa Programa:

Mga pampublikong paaralang elementarya at sekondarya, mga pampamahalaang ospital, at mga militar at unipormadong kawani (MUP)

Opsiional na Pagpapatupad ng Programa:

Sangay Tagapagbatas, Sangay Hudikatura, mga Tanggapang Konstitusyonal, mga Pampamahalaang Unibersidad at Kolehiyo, at mga Lokal na Pamahalaan



Sinusuportahan ng 2018 Badyet ang mga pagkukusang naglalayong iwaksi ang katiwalian sa burukrasya.



Kagawaran ng Pananalapi = Php19.3 B

Revenue Integrity Protection Service (RIPS) Program = **Php25.3 M**

Philippine Extractive Industries Transparency Initiative (PH-EITI) Program = **Php17.8 M**

Pagpapatupad ng Internal Revenue Law, kabilang ang mga programang Run After Tax Evaders (RATE) at Oplan Kandado = **Php4.9 B**



Tanggapan ng Ombudsman = Php2.7 B

Upang aksiyunan ang 77% ng mga hinaing at kahilingan, magsagawa ng 20% na pagsisiyasat ng katotohanan, at usigin ang 17.9% ng mga kaso



Komisyon sa Serbisyo Sibil = Php1.5 B

Upang tiyakin ang malinis at episyenteng paghahatid ng mga pampublikong kalakal at serbisyo

PAGPAPAHUSAY SA PAGHAHATID NG MGA PAMPAMAHALAANG SERBISYO SA TULONG NG PARTISIPASYON NG MGA MAMAMAYAN



Isinusulong ng pamahalaan ang paghikayat sa mga mamamayang maging kalahok sa pagpapabuti ng implementasyon at pagsubaybay sa mga programa, gawain, at proyekto nito.



Proyekto sa Pampublikong Tulong at Contact Center ng Bayan (CCB) = PhP26 M

Upang magtatag ng mekanismo na maaaring ipahayag ng mga tao ang kanilang reklamo, rekomendasyon, at pagpapahalaga sa kalidad ng serbisyong inihahatid ng pamahalaan

Mula Agosto 1, 2016 hanggang Nobyembre 3, 2017

Bilang ng mga tawag na nabigyan ng pansin: 213,142



Pagpapatupad ng Anti-Red Tape Act (ARTA) = PhP38 M

Upang i-target ang 90% ng 1,109 pampamahalaang tanggapang nagbibigay ng pangunahing serbisyo na magkaroon ng pasadong grado sa Report Card Survey (RCS) ng CSC

¹Ang Report Card Survey ay ginagamit upang makakuha ng feedback mula sa mga kliyente hinggil sa pagsunod ng mga serbisyong tanggapan ng gobyerno sa Anti-Red Tape Act ng 2007.

MABILIS, PATAS, AT BUKAS NA HUSTISIYA



Ang mga batas at tulong-legal ay dapat naaabot ng mga mahihirap na tao. Ang 2018 Badyet ay nagbibigay ng alokasyon upang matiyak na naaabot at napaglilingkuran ng hustisiya ang mga pinakadehadong sektor ng lipunan.



Kagawaran ng Katarungan = PhP18.5 B



Ang Hudikatura = PhP34.3 B



Mga Serbisyo sa Pagpapatupad ng Batas = PhP5.6 B

75% ng mga reklamo sa krimen ay matagumpay na nasisiyat at nalutas ng mga tagausig



Mga Tulong-Legal = PhP150.4 M

93% ng mga kahilingan para sa serbisyong legal ay nabigyang-aksiyon sa loob ng 15 araw mula sa pagkatanggap ng kahilingan



Mga Serbisyo sa Pagsisiyasat (Pambansang Kawanihan ng Pagsisiyasat) = PhP1.3 B

55,500 na pagsisiyat ay naisagawa at nabigyan ng karampatang aksiyon
6,160,000 na aplikasyon para sa NBI clearance ay naiproseso nang maayos



Libreng Serbisyong Legal para sa mga Mahihirap at Iba Pang Kalipikadong Tao (Tanggapan ng Abogado ng Bayan) = PhP3.0 B

76.24% ng mga kaso ay nabigyan ng kanais-nais na pasiya



Mga Gawain ng Kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas at 2,225 na Mas Mababang Korte = PhP28.8 B

Pagpapatayo ng Bagong SC Complex sa Fort Bonifacio, Taguig = PhP1.5 B

Pagpapatayo ng 23 Bulwagan ng Katarungan (Justice Infrastructure Program) = PhP0.9 B

Pagkuha ng mga Bagong Court Decongestion Officers = PhP0.2 B

PAGPAPABUTI NG PAGNEGOSYO



Ang mga pagsisikap ng gobyerno upang bawasan ang mga nagaganap na katiwalian at kriminalidad ay maghihikayat sa mga dayuhang mamumuhunan na magnegosyo sa bansa. Inaasahang tataas ang mga direktang dayuhang pamumuhunan nang 10% mula sa antas noong 2017 tungo sa target na **PhP680 bilyon** sa 2018.

Kabuoang Naaprubahang Direktang Dayuhang Pamumuhunan



Ang mga naaprubahang pamumuhunang naitala ng Lupon sa Pamumuhunan ay tumaas nang PhP51.3 bilyon sa Enero 2018 kumpara sa PhP8.0 bilyong naitala sa kaparehong buwan noong nakaraang taon.

↑ **PhP51.3 B (Enero 2018)**
PhP8.0 B (Enero 2017)

**541%
PAGTAAS**





PAGPAPATAAS NG POTENSIYAL TUNGO SA PAG-UNLAD MASIGLANG PAGPAPAUNLAD NG AGHAM, TEKNOLOHIYA, AT INOBASYON

Ang Pilipinas ay naglalayong maabot ang upper-middle income na estado ng pamumuhay pagsapit ng 2040. Ito ay posible sa pamamagitan ng pamumuhunan sa Agham, Teknolohiya, at Inobasyon—ang tatlong pinakamahahalagang bahagi ng pagpapaunlad ng ekonomiya at lipunan ng isang bansa.

Bilang pangunahing ahensiya para sa pananaliksik at pagpapaunlad (Research and Development o R&D) sa larangang Agham, ang Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (Department of Science and Technology o DOST) ay may badyet na **PhP21.2 bilyon** para sa 2018.



Pagpapaunlad ng Yamang Tao sa STI

Inirerekomenda ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (UNESCO) ang 380 R&D na mananaliksik sa bawat milyon ng populasyon. Upang maabot ang target na ito, ang badyet na **PhP4.0 bilyon** ay inilaan para sa mga kasalukuyan at bagong iskolarsyip sa agham at teknolohiya (Science and Technology o S&T).



PhP2.4 B
27,007 Iskolar
2016

PhP3.2B
30,806 Iskolar
2017

PhP4.0B
36,997 Iskolar
2018



PhP76 milyon

Para sa Balik Scientist Program na naghihikayat sa mga Filipino siyentipiko at eksperto sa ibayong dagat na bumalik sa Pilipinas at ibahagi ang kanilang mga kadalubhasaan

Karagdagang R&D Innovation sa Iba't Ibang Sektor



PhP2.0 bilyon

Para sa pagpapaunlad ng mga programang S&T sa iba't ibang rehiyon



PhP1.0 bilyon

Para sa mabilis at inklusibong paglago sa sektor ng agrikultura, yaman-tubig, at likas na yaman



PhP848 milyon

Para sa Small Enterprise Technology Upgrading Program na tumutulong sa mga micro, small, at medium enterprise (MSME)

Pag-uugnay ng Bansa



PhP1.7 bilyon

Para sa libreng Wi-Fi Internet Access sa pampublikong lugar, kabilang na ang mga Pampamahalaang Kolehiyo at Unibersidad (SUC)



PhP372 milyon

Para sa National Government Portal




PhP206 milyon

Para sa National Government Data Center



PhP51 milyon

Para sa National Broadband Plan



Pagpapataas ng Pampublikong Kaalaman



PhP18.9 milyon

Para sa Filipino Weather Channel ng DOST, upang matugunan ang mga kakulangan ng impormasyon at edukasyon sa larangan ng STI



PhP9.9 milyon

Para sa paglalagay ng karagdagang Science and Technology Research Based Openly Operated Kiosk Stations (STARBOOKS) sa mga liblib na lugar sa buong bansa

OPEN GOVERNMENT SA PILIPINAS

Sa pamamagitan ng tema na “Pakikipagtulungan Kasama ang Mamamayang Filipino sa Pagtupad ng Mithiin”, inilunsad ang 2017-2019 Philippine Open Government Partnership (PH-OGP) National Action Plan (NAP) na may layon na bigyan-kapangyarihan ang mga mamamayan sa pagpapatupad ng mga programa na nagpapaunlad ng transparency, pananagutan, at participatory governance.

Ang ikaapat na PH-OGP NAP ay nakabatay sa pillar ng Philippine Development Plan na “Malasakit” at nakatuon sa 11 pangako na ipatutupad ng mga pambansa at lokal na ahensiya ng pamahalaan at civil society organization sa pamamagitan ng mga piling programa.

PANGAKO


PROGRAMA

1	Paigtingin ang pakikilahok ng mga mamamayan sa lokal na paglaplano at pamamahala	Tulong sa Munisipalidad
2	Pinadaling pakikipagnegosyo	• Gameplan sa Kompetitibo: Dali ng Pakikipagnegosyo • Project Repeal: The Philippines’ Red Tape Challenge
3	Isainstitusyon ang citizen participatory audit	Citizen Participatory Audit (CPA)
4	Bigyang-kapangyarihan ang mga mamamayan gamit ang isang epektibong feedback mechanism	• 8888 Citizen’s Complaint Center • Satisfaction Rating sa mga GOCC
5	Ipasa ang batas sa Malayang Pagkuha ng Impormasyon (Freedom of Information o FOI)	Programa sa FOI
6	Lumikha at itaguyod ang mga e-Participation tool sa pamamagitan ng National Government Portal	E-Participation tool sa pamamagitan ng National Government Portal
7	Pagbutihin ang pampublikong integridad at mas mahusay na pamamahala ng pampublikong yaman	Philippine Open Budget Index
8	Pagbutihin ang transparency at pagtaas ng pananagutan sa industriya ng extractive industries	Philippine Extractive Industries Transparency Initiative (PH-EITI)
9	Pagbutihin ang institutional mechanisms para sa mabilis at epektibong pagtugon sa kalamidad	Disaster Response Operations Monitoring and Information Center (DROMIC) Virtual Operation Center: Pagbabago sa Pagtugon ng DSWD sa Kalamidad
10	Pagbutihin ang mga serbisyong pampubliko sa pamamagitan ng pagtulong sa mga pamilyang impormal na settler at nalipat ng tirahan	Tulong Pabahay sa pamamagitan ng Community Organizing and Community Development Approach
11	Isainstitusyon ang Open Local Legislative Processes	Open Legislation Platform sa mga Social Media sa Tatlong (3) Probinsiya



ANG SIKLO NG BADYET

Ang apat na yugto o anyo ng Siklo ng Badyet ay nagsasapawan habang ito ay patuloy sa pagpapaulit-ulit. Habang ang Sangay Tagapagpaganap ay ipinapatupad ang Badyet ng kasalukuyang taon, inihahanda rin nito ang Badyet para sa susunod na piskal na taon at inihaharap sa Kongreso. Nagmomonitor, nagbibigay ng ebalwasyon, at nag-uulat ng aktuwal na pagpapatupad ang pamahalaan sa buong taon.



Ang talatakdan na ito ay batay sa Joint Circular No. 2017-1 na inilathala noong Hunyo 30, 2017 ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala, Kagawaran ng Pananalapi, at ng Pambansang Pangasiwaan sa Kabuhasan at Pagpapaulit.

Leyenda:

TB: Taon ng Badyet (Kasalukuyang Taon + 1 taon)

NT: Nakaraang Taon (Kasalukuyang Taon - 1 taon)

KT: Kasalukuyang Taon

GABAY SA BUDGET REFORM BILL (BRB)

Upang matugunan ang mga target ng pamahalaan sa pagbawas ng kahirapan at paglago ng ekonomiya, isinusulong ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (Department of Budget and Management o DBM) ang pagpasa ng Budget Reform Bill (BRB) upang gawing makabago ang sistema ng pagbabadyet at mapabilis ang paggastos ng pamahalaan.

Ano ang BRB at bakit ito kailangan?

Ang BRB ay isang repormang naglalayong lubusang mapabilis ang pagpapatupad ng badyet at paghahatid ng serbisyo bilang suporta sa mga target na paglago at pagbabawas ng kahirapan ng Administrasyong Duterte. Ito rin ay naglalayong:



Magpatupad ng higit na disiplina sa pampublikong pamamahalang pampapanalapi (public financial management o PFM)



Isulong ang likas-kayang pananalapi



Pagtatag ng isahang sistemang PFM



Palakasin ang "kapangyarihan sa pitaka" ng Kongreso



Paghusayin ang transparency sa pagbabadyet at pakikilahok ng mga mamamayan

Babaguhin ng BRB ang sistema ng pagbabadyet mula sa pagiging nakabatay sa obligasyon tungo sa pagiging taunang laang-guguling na nakabatay sa salapi upang masiguro ang napapanahong paghatid ng mga resulta sa publiko sa loob ng piskal na taon (PT).

Ano ang taunang laang-guguling badyet na nakabatay sa salapi?



Ang **taunang laang-guguling badyet na nakabatay sa salapi (annual cash-based appropriations)** ay naglilimita sa pagkakaroon ng mga obligasyong kontraktual at pagbabayad ng mga kalakal at serbisyong naihatid, naibigay, at sinuri sa loob ng PT.

Ang taunang badyet ng mga ahensiya sa ilalim ng laang-guguling nakabatay sa salapi ay dapat naglalaman lamang ng mga programa, gawain, at proyektong kayang ipatupad at bayaran hanggang sa katapusan ng PT.

Mga Dapat Isaalang-alang

Mahalaga ang agarang pagpapalano sa pagpapanukala at pagpapatupad ng isang taunang badyet na nakabatay sa salapi.

Ano ang pagkakaiba ng taunang pagbabadyet na nakabatay sa obligasyon at ng taunang pagbabadyet na nakabatay sa salapi?

TAUNANG PAGBABADYET NA NAKABATAY SA OBLIGASYON

TAUNANG PAGBABADYET NA NAKABATAY SA SALAPI

Lawig ng Panahon / Panahon ng Pagpapatupad

Ang mga kontratang iginawad sa loob ng PT ay maaaring ihatid kahit tapos na ang taon.

Ang mga kontratang nilalayong ipatupad para sa PT ay dapat ganap na maihatid bago matapos ang taon.

Pagbabadyet na Nakabatay sa Obligasyon (24 buwan mahigit)



Pagbabadyet na Nakabatay sa Salapi (12 buwan)



Panahon ng Pagbabayad


Ang pagsisiyasat, pagpapatunay, at pagbabayad ay maaaring gawin kahit pagkatapos ng PT.

Ang pagbabayad ay maaari lamang gawin sa loob ng PT at hanggang sa tatlong-buwang Dagdag na Panahon ng Pagbabayad (Extended Payment Period) pagkatapos ng PT.

Pagbabadyet na Nakabatay sa Obligasyon (24 buwan mahigit)



Pagbabadyet na Nakabatay sa Salapi (15 buwan)



Paano naman ang mga proyektong ipinatutupad nang mahigit sa 12 buwan?



Para sa mga proyektong nangangailangan ng higit sa isang taon upang ipatupad, kailangan ng mga ahensiyang kumuha ng **Multi-Year Obligational Authority (MYOA)** mula sa DBM bago mamili ng proyekto. Gayundin, kailangan ding kumuha ang mga GOCC at LGU ng katumbas na awtoridad mula sa kani-kanilang mga namamahalang lupon.

Kailangang ipinapakita ng MYOA ang iskedyul ng mga taunang pangangailangang salapi ng proyektong multi-year.

Ang mga ahensiya ay dapat magpanukala lamang ng mga programa, gawain, at mga proyekto na "shovel-ready" o iyong maaaring ganap na maipatupad sa loob ng PT.

Ang mga ahensiya ay dapat magsagawa ng maagang procurement bilang isang patakaran upang mapabilis ang pagpapatupad ng proyekto.


OFF-BUDGET ACCOUNTS

Ang off-budget accounts ay tumutukoy sa mga pondo at mga koleksiyon (nakolekta at inilagak ng mga ahensiya sa mga deposituhang bangko ng pamahalaan na naaayon sa batas) para sa mga guguling hindi sakop ng National Expenditure Program (NEP). Bagaman ang paggamit ng mga accounts na ito ay sumasailalim pa rin sa pagsisiyasat ng Komisyon sa Awdit, ang mga account na ito ay tinitingnan bilang mga “extra-budgetary” na nagpapahina sa pagiging komprehensibo* ng badyet at dahil dito, pati ang kakayahan ng Kongreso na magamit nang husto ang kapakinabangan ng lahat ng yaman ng pamahalaan.

Simula 2016, patuloy sa pagbaba ang mga off-budget accounts, mula sa retained revenues na PhP83.6 bilyon at mga gugulin na PhP71.2 bilyon noong 2016 patungong PhP63.0 bilyon at PhP55.0 bilyon sa 2018, ayon sa pagkakabanggit. Ito ay nagpapatunay lamang ng patuloy na pagiging mas komprehensibo ng Pambansang Badyet.

Off-Budget Accounts, PT 2016-2018

(sa milyong Piso)



*Ang ibig sabihin ng pagiging komprehensibo ng badyet ay mayroong lubos na transparency sa mga financial accounts.



Katangiang Gugulin ng Ilang Piling Earmarked Items sa 2018

SUC

PhP17.7 B

Para sa pagbayad ng mga awtorisadong alawans at karagdagang biyaya sa mga guro at mag-aaral, ilang gugulin sa operasyon, at pamumuhunang kapital

DOH

PhP16.9 B

Para sa pamimili ng mga kagamitan at pandagdag sa ilang gugulin sa operasyon

Komisyon sa Isports ng Pilipinas

PhP1.3 B

Para sa National Sports Development Program, at pagpapanatili ng mga pasilidad pampalakasan

GLOSARYO NG MGA TERMINOLOHIYA



1 Allotment.

Mga awtorisasyon na binibigay ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa isang ahensiya, na nagbibigay karapatan dito na makipagkompromiso/magkaroon ng mga bayarin at/o magbayad ng mga pondo sa loob ng isang tiyak na panahon at hindi hihigit sa halaga na itinakda ng mga sumusunod:

1. General Appropriations Act bilang Allotment Order (GAAAO), para sa tiyak na mga guguling aytem na itinuturing nang naipamahagi sa oras ng pagkabisa ng GAA;
2. General Allotment Release Order (GARO) para sa kabuoan-taong kakailanganin sa awtomatikong gugulin na Retirement and Life Insurance Premium (RLIP) contributions; at
3. Special Allotment Release Order (SARO) para sa mga aytem ng badyet na nangangailangan ng pagsunod sa ilang alintuntunin o conditionalities.

2 Allotment Class.

Pag-uuri ng mga gugulin sa ilalim ng sumusunod na kategorya:

1. Serbisyong Pangkawani (SP)
2. Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE)
3. Financial Expenses (FinEx)
4. Capital Outlays (CO)

3 Laang-Gugulin.

Isang awtorisasyon alinsunod sa batas o iba pang pambatasang pagpapatibay na naggagabay sa paggasta ng mga pampublikong pondo para sa mga tiyak na hangarin, hanggang sa tiyak lamang na halaga sa ilalim ng mga tiyak na batayan.

4

Badyet.

Ang badyet ang kabuoang plano ng pamahalaan sa isang taon. Ito ay talahanayan/talatakdaan ng mga gugulin, batay sa mga konseptong bayarin o salapi at ang kaukulang pinanggagalingan ng pagpopondo, alinman mula sa rentas, pangungutang, o cash drawdown. Sa huli, ito ay kasangkapan upang magawa at makamtan ng pamahalaan ang development agenda nito.

5

Budget Deficit.

Isang sitwasyon na ang gugulin ng pamahalaan ay mas malaki sa rentas nito.

6

Serbisyo sa Utang.

Ang kabuoan ng hurnal o hulog sa utang at interest payments, kasama ang commitment fees at iba pang singilin, sa mga panlabas at panloob na utang.

7

Pagbabayad.

Isang kasunduan/liquidation/pagbabayad na pinasukan sa kasalukuyan o nakaraang mga taon, na may kinalaman sa salapi o hindi salapi na mga transaksyon at sakop ng mga disbursement authorities.

8

Expenditure Program.

Ang ceiling o hangganan sa mga bayarin na maaari lamang pasukin ng pamahalaan sa isang itinakdang taon. Ang nasabing ceiling ay sinusupportahan ng mga tinatayang pinagkukunan ng salapi.

9

Patakarang Pananalapi.

Ang bahagi ng patakaran ng pamahalaan na may kinalaman sa paglikom ng yaman sa pamamagitan ng pagbubuwis at pangungutang at pagpapasiya sa antas at pamamaraan ng paggugol.

10

Gross Domestic Product (GDP).

Sinusukat nito ang kabuoang awtput sa loob ng heograpikong mga hangganan ng bansa, anuman ang nasyonalidad ng mga gumagawa ng nasabing awtput.

11


Inflation.

Ito ay ang patuloy na pagtaas sa pangkalahatang antas ng presyo ng mga kalakal at serbisyo.

12

Obligation.

Isang kompromiso ng ahensiya ng pamahalaan dahil sa akta ng isang awtorisadong opisyal na ang inaatasan nito ang pamahalaan na bayaran ito ng salapi.



Paano Ako Makikilahok?

Nais ng inyong pamahalaan na marinig kayo! Ang ating partisipasyon ay dapat higit pa sa pagpapanukala ng mga makabuluhang programa at proyekto tuwing binabalangkas ang badyet. Makilahok sa pagsubaybay sa kanilang pagpapatupad. Lumiham, mag-email, o kunin ang telepono at makisangkot.

Mga Piling Tanggapan ng Ugnayang Pampubliko sa Sangay Tagapagpaganap:



Komisyon sa Serbisyo Sibil

Tanggapan ng Ugnayang Pampubliko at Impormasyon
931-7993; 932-0381; 932-0179 TF
paio@csc.gov.ph
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Tanggapan ng Pangulo

8888 Citizen's Complaint Center
Sentro ng Pampanguluhang Karaingan
Bahay Ugnayan, J.P. Laurel Street, San Miguel, Manila
736-8645; 736-8603; 7368621 F
pcc@malacanang.gov.ph
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Tanggapan ng Pangalawang Pangulo

Dibisyon ng Ugnayang Pampubliko
831-2612; 833-3812
pad@ovp.gov.ph



Kagawaran ng Repormang Pansakahan

Serbisyo Para sa Ugnayang Pampubliko at Media/
Sentro ng Impormasyon sa Ugnayang Pampubliko
928-6820/453-7980
director.pamrs@dar.gov.ph
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Edukasyon

Desk ng Ugnayang Pampubliko at mga Kairingan
638-1780
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman

Serbisyong Estrategikong Pangkomunikasyon
at Hakbangin
loc. 2204; 426-0279; 426-3850; 926-9805; 926-7031
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Ugnayang Panlabas

Tanggapan ng Pangalawang Kalihim sa mga
Migranteng Manggagawa
832-1672; 551-0847 F
oumwa@dfa.gov.ph



Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal

Sentro ng Tulong Pampubliko at Hinaing
925-0343
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Katarungan

DOJ Action Center (DOJAC)
526-3365; 521-2930 TF
dojac@doj.gov.ph
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Paggawa at Empleo

Serbisyong Pang-impormasyon at Publikasyon
Hotline: 1349; 24/7



Kagawaran ng Agham at Teknolohiya

Desk ng Ugnayang Pampubliko at mga Karaingan
837-2071 loc. 2036, 2051; 838-9080
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Turismo

Yunit Para sa Impormasyong Turismo at Espesyal na Proyekto
459-5200 to 30 loc. 101, 102; 524-2384; 525-2000
tourist_info@tourism.gov.ph; ncr@tourism.gov.ph
Oras ng Operasyon:
7:00 am to 6:30 pm (Lunes-Biyernes)
8:30 am to 5:30 pm (Sabado)



Kagawaran ng Kalakalan at Industriya

Desk Para sa Tulong Pampubliko
751-0384 loc. 2107
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Kagawaran ng Transportasyon

Action Center
Hotline No.: 7890
Oras ng Operasyon: 24/7



Komisyon sa Awdit

Tanggapan ng Pampublikong Impormasyon
951-6955; 951-0934 F
press@coa.gov.ph



Komisyon sa Halalan

Departamento ng Edukasyon at Impormasyon
525-9294; 525-9301
info@comelec.gov.ph
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



Tanggapan ng Tanodbayan

Kawanihan ng Tulong Pampubliko at Pagpigil sa
Katiwalian
479-7300; 317-8300 loc. 5314
Oras ng Operasyon: 8 am to 5 pm (Lunes-Biyernes)



KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA PUBLIKASYON NG 2018 BADYET NG BAYAN SURVEY FEEDBACK FORM

Petsa: _____

Pangalan:	
Organisasyon (kasama ang Posisyon):	
Lugar/Tirahan:	
Uri ng Organisasyon:	
Sektor (Pakibilugan):	a. NGA b. NGO c. LGU d. CSO e. Academe f. SUC g. Media h. Iba pa (pakitukoy):

Pakimarkahan (bilugan) batay sa sumusunod na pamantayan:

**5 - Lubos na Sumasang-ayon | 4 - Sumasang-ayon | 3 - Nag-aalinlangan |
2 - Hindi Sumasang-ayon | 1 - Hindi Lubos na Sumasang-ayon**

A. Ang publikasyon ba ay nakapagbibigay-kabatiran?

Badyet na Nagbibigay Reporma at Transpormasyon	5	4	3	2	1
Ang Badyet at Ang Ekonomiya	5	4	3	2	1
Programang Pampananalapi	5	4	3	2	1
Rentas	5	4	3	2	1
Ang 2018 Badyet at ang TRAIN	5	4	3	2	1
Dimensiyon ng 2018 Badyet (Batay sa Tungkulin/Sektor [COFOG], Batay sa Sektor [Dating Sistema], Batay sa Klasipikasyon ng Gugulin, Batay sa Rehiyon, Batay sa Recipient Unit, Batay sa Special Purpose Fund, at Batay sa Pinagkukunan ng Laang-Gugulin)	5	4	3	2	1
Mga Priyoridad na Gugulin ng Pambansang Badyet					
Pagsasakatuparan ng mga Pangako ng Pangulo	5	4	3	2	1
Pagbabagong Nakapagbabawas sa Hindi Pagkakapantay-pantay	5	4	3	2	1
Pagpapanatili ng mga Pundasyon para sa Likas-Kayang Pag-unlad	5	4	3	2	1
Pagpapabuti ng Integridad Panlipunan	5	4	3	2	1
Pagpapataas ng Potensiyal Tungo sa Pag-unlad	5	4	3	2	1
Open Government sa Pilipinas	5	4	3	2	1
Mga Pangunahing Kaalaman sa Pagbabadyet					
Ang Siklo ng Badyet	5	4	3	2	1
Gabay sa Budget Reform Bill	5	4	3	2	1
Off-Budget Accounts	5	4	3	2	1
Glosaryo ng mga Terminolohiya	5	4	3	2	1
Paano Ako Makikilahok?	5	4	3	2	1

B. Ang publikasyon ba ay madaling maintindihan?

Ang nilalaman ay lohikal at organisado.	5	4	3	2	1
Ang pagkakaugnay-ugnay ng mga idea ay malinaw.	5	4	3	2	1
Ang wika ay madaling maintindihan.	5	4	3	2	1
Ang mga teknikal na paksa ay ipinaliwanag sa paraang maiintindihan ng mga mamamayan.	5	4	3	2	1
Ang mga halimbawang ibinigay ay makabuluhan at makatutulong.	5	4	3	2	1
Ang mga graph, talahanayan (tables) at ilustrasyon ay nakatulong upang mas maunawaang mabuti ang teksto.	5	4	3	2	1



C. Ang publikasyon ba ay magandang basahin?

Ang font na ginamit (typeface, sukat) ay madaling basahin.	5	4	3	2	1
Ang mga graph at tsart na ginamit ay malinaw.	5	4	3	2	1
Ang eskema ng kulay ay kaakit-akit.	5	4	3	2	1
Ang layout ng publikasyon ay kaaya-aya sa paningin.	5	4	3	2	1

D. Paano mo balak gamitin ang publikasyon?

☐ a. Sa mga gawaing pang-adbokasiya, pang-edukasyon, at pangkomunikasyon

☐ b. Tulong kaalaman sa pananaliksik at pagsusuri

☐ c. Sanggunian sa mas makabuluhang proseso ng badyet (mga pagdingig sa Kongreso, at iba pa)

☐ d. Bagay sa monitoring ng implementasyon ng mga programa at proyekto

☐ e. Iba pa (pakitukoy):

E. Aling bahagi ng publikasyon ang nakikita mong pinakamakabuluhan? Hindi masyadong makabuluhan?

Pinakamakabuluhan:

Hindi Masyadong Makabuluhan:

F. Anong iba pang kaalaman ang sa palagay mo ay dapat nasa publikasyong ito?

G. Iba pang komentaryo at mungkahi:

Matapos sagutan ang pormularyong ito, maaari itong isumite sa pamamagitan ng sumusunod:

- > Ipadala sa **Budget Information and Training Service, Department of Budget and Management, General Solano St., San Miguel, Manila 1005.**
- > I-scan o malinaw na kuhanan ng retrato at ipadala sa **bits@dbm.gov.ph**.

Maraming salamat po!



2018 BADYET NG BAYAN

Inilathala ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Pilipinas Mayo 2018

Upang matiyak na higit na marami ang makabása sa publikasyong ito, hinihikayat ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ang pagsipi, pagkopya, paglilimbag, at/o pagpapakalat nito o mga bahagi nito para sa pansarili at di-komersiyal lámang na gamit nang may kaukulang pagkilala sa Kagawaran at ng iba pa nitong pinagkuhaan ng datos/impormasyon. Ang Kagawaran ay hindi mananagot sa anumang isyung magmumula sa paggawa nito.

PANGKAT NG PRODUKSIYON:

Serbisyong Impormasyon sa Badyet at Pagsasanay
Sangay ng Salin—Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)

Punong Manunulat: John E. Lansangan
Punong Tagapagdisenyo: Lara Jane S. Evalle

Pangkat ng Manunulat

Vanessa L. Pamittan
Ria Consuelo C. Mendoza
Jesselynn G. de la Cruz
Jeannie S. Ponio

Mga Nagsalin sa Wikang Filipino

Dr. Benjamin M. Mendillo, Jr. (KWF)	John E. Lansangan
Grace F. Bengco (KWF)	Jesselynn G. de la Cruz
Vanessa L. Pamittan	Ria Consuelo C. Mendoza
Lara Jane S. Evalle	Jeannie S. Ponio

Pangkat ng Disenyo

Leonardo D. Sunga
Junrey E. Rosales
Martin Jethro P. Tomas
Vanessa L. Pamittan
Ria Consuelo C. Mendoza

PINAGKUHAAN NG DATOS:

Kawanihan sa Pagpapalano sa Pananalapi at Reporma
Kawanihang Teknikal ng Badyet
Kawanihan ng Badyet at Pamamahala A-E
Kawanihan sa Organisasyon, Klasipikasyon ng Posisyon, at Pasahod
Kawanihan sa Pagpapahusay ng Sistema at Produktibidad
Kawanihan ng Pamahalaang Lokal at Regional Coordination

PANGKALAHATANG PAG-EEDIT:

Kawaksing Kalihim Amelita D. Castillo
Jesselynn G. de la Cruz

TAGAPAYO:

Pangalawang Kalihim Laura B. Pascua

Disenyo ng Pabalat: Junrey E. Rosales

Ilang larawang-guhit mula sa: Philippine Development Plan 2017-2022